

KATIPUNAN

Kritikal na Patolohiya



ISSN: 2507-8348

Inilalabas nang dalawang beses bawat taon ang isyu ng dyornal.

Copyright © Ateneo de Manila University

Ang *Katipunan* ay isang open-access na dyornal, na inilathala ng Ateneo de Manila University. Ang mga nilalaman nito ay hindi maaaring kopyahin o ipadala sa email o iba pang paraan sa iba't ibang website at ipaskil sa isang listserv nang wala ang isang nakasulat na permiso mula sa may-ari ng copyright. Maaaring ma-download at ma-print ang mga artikulo para lamang sa indibidwal at di-pangkomersiyong gamit. Para sa higit pang paggamit ng akdang ito, maaaring maabot ang tagapaglathala sa katipunan@ateneo.edu.

Alang-alang sa kalayaan, nananatili sa mga awtor ang copyright ng kanilang mga akda, bagamat hinihikayat silang hindi ulitin ang katulad na bersiyon sa iba pang lathalain.

Kasaysayan ng Dyornal

Unang inilabas ang dyornal noong 1971, na may pamagat na *Katipunan: Dyornal ng Panlipunang Sining at Agham*, sa ilalim ng pamamatnugot ni Nicanor Tiongson, at mga katuwang na patnugot na Bienvenido Lumbera at Virgilio Almario. Bahagi ito ng mga publikasyon sa ilalim ng Paaralan ng Sining at mga Agham ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nakapaglabas ang dyornal ng apat na isyu, at itinigil ang pagpapatakbo nito sa pagtatapos ng taong 1971.

Alinsunod sa tunguhing panindigan at payamanin ang araling Filipino at mga lokal na kaisipan at pag-aaral, nilalayon ng Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila na ipagpatuloy ang mga pagsisikap para sa aralin at pananaliksik na Filipino na pinasimulan ng dating dyornal, sa pamamagitan ng mga interdisiplinaryo at multidisiplinaryong dulog sa pagharap sa mga kaisipan at isyung kaugnay sa wika, panitikan, sining, at kultura.

Tuon at Saklaw

Bilang isang dyornal na dumaan sa pagkilatis ng mga kapwa dalubhasa, naglilimbag ang *Katipunan* ng pinakabagong pananaliksik na isinusulong ang paggamit ng wikang Filipino sa kritikal na pananaliksik at akademikong diskurso, at nililintang ang larang ng araling Filipino. Higit pa sa paglalapat ng pampanitikan at kritikal na teorya, tinuturo ng paninindigang interdisiplinaryo ng dyornal ang pagkaunlad ng kabang kaalaman na gumagamit sa karanasang Filipino sa pag-unawa ng mga kategorya ng global at internasyonal. Inilalabas nang dalawang beses bawat taon ang isyu ng dyornal.

Hinggil sa Proseso ng Pagpapasa at Paglalathala

Bisitahin ang <https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan>.

Katipunan 6

2020

ISSN: 2507-8348

<https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/index>

Tagapaglathala

Kagawaran ng Filipino
3/F Dela Costa Hall
School of Humanities
Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Quezon City
Telepono: +632 426 6001 loc. 5320
Telefax: +632 426 6001 loc. 5321
Email: katipunan@ateneo.edu

Komiteng Patnugutan

Alvin B. Yapan (Pangkalahatang patnugot)
Christian Jil R. Benitez (Katuwang na Patnugot)

Lupong Patnugutan

Genevieve A. Clutario (Harvard University)
Martin F. Manalansan III (University of Minnesota)
Robert G. Diaz (University of Toronto)
Christine B. Balance (Cornell University)
Allan P. Isaac (Rutgers School of Arts and Sciences)
Lucy Mae S.P. Burns (University of California, Los Angeles)
Shi Yang (Peking University)
Ruth Elynia Mabanglo (Professor Emeritus – University of Hawaii at Manoa)

Mga Kawani

Harvey James G. Castillo (Copyeditor)
Aunard B. Rabe (Layout at Dibuhong Pabalat)
Rosalinda M. Gatchalian (Tagapag-ugnay)
Allan A. De Vera (Tagapag-ugnay)

Tungkol sa Pabalat

Kuhang larawan ni Christian Jil R. Benitez sa mga unang buwan ng lockdown sa bayan ng San Mateo, Rizal.

Nilalaman

Mga Panimula

Ang mga Sosyo-kultural na Sintomas ng COVID-19 1
Alvin B. Yapan

Hinggil sa mga Hinaharap 4
Christian Jil R. Benitez

Mga Artikulo

**Isang Haraya ng Lambing:
Ang Pagsikat ng Boys' Love sa Pilipinas sa Panahon
ng Pandemyang COVID-19** 7
*An Imagination of Tenderness: The Rise of Boys' Love in the
Philippines During the COVID-19 Pandemic*
John Bengan

**Pinusong sa Panahon ng "Veerus":
Ang Tula sa Internet Bilang Kontra-Pusong** 41
*Pinusong in the Time of "Veerus:"
Poetry on the Internet as Counter-Pusong*
Eliodora L. Dimzon at John E. Barrios

**#DuterteStandardTime:
Pamamahalang Pamanahon** 60
#DuterteStandardTime: Governing Time
Christian Jil R. Benitez

**Ang Dalumat ng Lugar sa Panahon ng Pandemya:
Isang Kritikal na Pagsusuri sa Imahen ng Lungsod
at ng Probinsiya sa Konteksto ng mga Panitikang
Ilokano at Cebuano** 83

*Scrutinizing Space in the Midst of Pandemic:
A Critical Study on the Image of the City and the Province
Through the Context of Ilocano and Cebuano Literature*

Elizabeth S. Alindogan

**Ang Patolohiya ng Espektakulo
sa Panahon ng COVID-19** 100

The Pathology of Spectacle in the Time of COVID-19

Alvin B. Yapan

**De/Mitolohisasyon ng Aswang:
Isang Pagbasa(g) sa Mito Bilang Sakit ng Lipunan** 118

De/Mythologization of Aswang: A Reading of Myth as Social Illness

Chloe V. Cabodil at Jaco B. Tango

**Sakit ng Loob, Sakit ng Labas:
Pagtutumbas sa mga Neolohismong Umusbong
sa Kontemporanidad ng COVID-19
Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan ng Ketong
sa Patolohiyang Pilipino** 132

*The Sickness Within, The Disease Without:
A Comparison of the Neologism Emerging from Contemporary
COVID-19 Towards the Understanding of the History of Leprosy
in Philippine Pathology*

Axle Christien Tugano

Plantita 182

Plantita

Luis Ysabel L. Lacanlale, Leia Margarita Canuto,
Julianna Gabrielle S. Feliciano, Mariane Angeli L. Lubo,
Bernice Amanda A. Mendoza at Joan Elery D. Torres

Pananalamin at Pagkokolorete <i>Of Mirrors and Make-up</i> Benilda S. Santos	195
Mga Rebyu	
Doc Willie: The Movie: Isang Rebyu Doc Willie: The Movie: A Review Samuel Cabbug	217
Ang Mga Mumunting Ginto sa Dulang: Isang Pagbasa sa Dulang: Dyornal Ning Pagsurat Catandunganon <i>Specks of Gold in Dulang: A Reading of Dulang: Dyornal Ning</i> Pagsurat Catandunganon Elbert O. Baeta	221

Sakit ng Loob, Sakit ng Labas: Pagtutumbas sa mga Neolohismong Umusbong sa Kontemporanidad ng COVID-19 Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan ng Ketong sa Patolohiyang Pilipino¹

The Sickness Within, The Disease Without: A Comparison
of the Neologism Emerging from Contemporary COVID-19 Towards
the Understanding of the History of Leprosy in Philippine Pathology

Axle Christien Tugano

University of the Philippines Diliman

axle.tugano@upd.edu.ph

Abstrak

Layunin ng artikulong ito na itampok ang umaalingawngaw na isyu patungkol sa pandemyang dulot ng COVID-19 sa Pilipinas. Sa pagsasapantaha, tila bagang itinatrato ng mga kontemporaryong Pilipino ang paglaganap nito bilang isang bago at kauna-unahang sakit na naranasan ng ating lipunan. Sinasalamin lamang nito ang hindi lipos na pag-aaral patungkol sa patolohiyang Pilipino. Kaya't may tendensiya na balahuin o hindi seryosohin ng balanang Pilipino ang kinahaharap na pandemya dahil bukod sa kulang ang mga kaalaman ukol dito, posibleng hindi na napipiho ang naging hamon at tugon ng ating lipunan sa mga nagdaang sakit (na mas malala pa nga sa COVID-19). Kaya't sinakyan ko ang mga neolohismong nauuso ngayong panahon ng COVID-19 at walang dudang naipasok sa korpora ng modernong bokabularyong Pilipino. Tinitiyak na sa pamamagitan ng pagtutumbas na ito, madaling matatalisod at mauunawaan ang saysay ng mga naunang sakit sa Pilipinas. Bagamat pabaliktad ang galaw ng argumento; gagamitin ang kasalukuyan upang unawain ang nakaraan. Sa ganitong galaw, mapapatunayan na hindi naman na ganoon kabago ang mga neolohismong aking napansin. Tumuon ang pag-aaral na ito sa muling pagsilip sa sakit na Hansen's disease o ketong na sumalot sa Pilipinas noong maagang bahagi ng dantaon 20. Bumuo ito ng labis na pagkabahala at takot sa mga Pilipino. Halos isandaang taon pagkatapos, sumibol naman sa maagang bahagi ng dantaon 21 ang COVID-19. Higit pa sa komparatibong lenteng hatid ng pag-aaral na ito, maililibra ang dalawang sakit sa kung paano masusukat ang pinagdaang danas ng mga Pilipino. Bagamat nasa magkaibang epoka at intensidad, kapwa nakapagbigay ang dalawang sakit ng labis na takot sa lipunang Pilipino.

¹ Iniaalay ang pag-aaral na ito kay Aileen Baviera (1959-2020), aming propesor at dating Dekana ng Asian Center, University of the Philippines Diliman, na nasawi sa COVID-19.

This article aims to highlight the resounding issue regarding the pandemic caused by COVID-19 in the Philippines. In hindsight, it seems that contemporary Filipinos treat its spread as a new and first disease that our society has experienced. It only reflects the inexhaustible study of Filipino pathology. So there is a tendency for the Filipino government to tarnish or not take the future pandemic seriously because apart from the lack of knowledge about pandemics, it is possible that our society does not know the challenges recognized and responses done to past diseases (which is even worse than COVID-19). So I utilized the neologisms that were popular these days of COVID-19 and no doubt had entered the body of modern Filipino vocabulary and corpora. It is ensured that through this comparison, the significance of previous diseases in the Philippines can be easily traced and understood. Although the motion of the argument is reversed; the present will be used to comprehend the past. With this move, it will be proven that the neologisms I have noticed are not that new. This study focuses on re-examining Hansen's disease or leprosy that plagued the Philippines in the early 20th century. It has created great concern and fear among Filipinos. Nearly a hundred years later, COVID-19 emerged in the early 21st century. In addition to the comparative lens presented by this study, two diseases can be identified and compared in measuring the experiences of Filipinos. Although in different epochs and intensities, both diseases have given rise to extreme fear in Filipino society.

Mga Susing-salita

sakit, COVID-19, ketong, patolohiya, neolohismo, wika
disease, COVID-19, leprosy, pathology, neologism, language

Tungkol sa May-akda

Nagtapos si Axle Christien Tugano ng BA History bilang Class Valedictorian (Magna cum laude) sa PUP noong 2015. Kasalukuyang tinatapos ang MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal katulad ng *Saliksik E-Journal*, *Tala: An Online Journal of History*, *Bagong Kasaysayan (BAKAS)*, *Alternatibong Tahanan ng mga Akda at Gawang Nasaliksik (ATAGAN)*, at iba pa. Patnugot ng *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (2019) at awtor ng *Danas: Mga Akademikong Paglalakbay sa Ibayong Dagat* (2020). Nakapagturo ng Kasaysayan at Agham Panlipunan sa Polytechnic University of the Philippines, Pamantasan ng Lungsod ng Marikina, Our Lady of Fatima University, at Lyceum of the Philippines University. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay pumapatungkol sa Kasaysayang Kolonyal ng Pilipinas, Ugnayan ng Pilipinas at Ibayong Dagat, Araling Diaspora, at Lokal na Kasaysayan. Ilan sa mga naging pag-aaral ay kaniyang binasa sa Jakarta, Indonesia at University of Lisbon, Portugal.

Sa pagpasok ng Bagong Kadawyan (New Normal), umusbong ang samot-saring antisipasyon ng mayoryang Pilipino sa COVID-19 bilang isang tila *first-time ever in the history* na sakit na kinahihirapan ng buong lipunan. Kung bubulatlatin lamang ang kasaysayan ng patolohiyang Pilipino, bago pa man ang dekadang ito, sinubok na tayo ng mga mapaminsalang epidemya at pandemya. Tampok dito ang cholera (*Vibrio cholerae*) na sumasalot na sa Pilipinas mula pa sa panahon ng mga Español at tuluyang naging epidemya sa bansa noong 1902 hanggang 1904 o kasagsagan ng Digmaang Pilipino-Americano (Heiser; Smallman-Raynor at Cliff; Mangahas). Bagamat hindi tuluyang nawala ang cholera, kinasapitan din ang pagpapakasakit ng bulutong o small pox (*Variola major* o *Variola minor*) (PHR; de Bevoise 1990; Limos) at Spanish Flu (*trancazo*) o influenza (Gealogo) noon ding dantaon 19. Gayundin, hindi malilimutan ang naging banta ng kontemporaryong Severe Acute Respiratory Syndrome Coronavirus (SARS-CoV) noong 2004 (Cyranoski). At bago lumaganap ang COVID-19 sa Pilipinas, marami nang buhay na kinuha ang mga sakit na dengue, diphtheria, tigdas (measles), at polio (poliomyelitis) (TLID). Malinaw na hindi bago ang mga ganitong uri ng kalbaryo para sa ating mga Pilipino.

Tangan-tangan na ng ating lipunan ang mga sakit. Iba-iba man ang pinagmulan at dulot nito sa tao, iisa lang din ang hinahangad sa huli: ang gumaling o hindi kaya'y huwag dapuan ng sakit. Kasabay nito ang pagpapalawig ng kaalaman ng bawat isa patungkol sa mga sakit na posibleng tumapos sa kaniyang buhay. Nakamamatay ang kamangmangan, wika nga. Hangga't maaari, kinakailangang maipaunawa sa mayoryang masa ang patolohiyang Pilipino, gamit ang wika at konsepto nila. Nais kong muling maipakilala sa masa ang kasaysayan ng isang sakit na minsa'y pinandirihan at kinatakutan ng mga Pilipino: ang Hansen's Disease o ketong noong maagang bahagi ng dantaon 20.

Direkta kong iniugnay at idinawit ang COVID-19 sa ketong. Komparabol ba ang dalawang sakit? Sa unang banda, maaaring hindi dahil ang ketong ay isang *bacterial* na uri ng sakit samantalang ang COVID-19 ay *viral*. Sa kabilang banda, lilitaw ang kabuluhan nito. Bukod sa kapwa umusbong ang dalawang sakit sa maagang bahagi ng bawat dantaunan, kinatakanan ito ng magkaibang panahon at henerasyon. Kung tutuosin, isa itong pagtatangkang pag-ugnayin ang kasaysayan at kasalukuyan (current events). Mahalaga ang ugnayang pangyayari o historical conjuncture sa pag-unawa ng kasalukuyan gamit ang lente ng nakaraan (Tugano 163-164).

Malamang, karamihan sa atin, lalo na ang kasalukuyang henerasyon, hindi na napipiho ang kasaysayan ng sakit na ketong. Kaya't sinamantala ko ang panahon ng COVID-19 upang muling ipaalala ang pandemyang ketong. Sa pagpapaunawa ng magkaibang kaganapan, mabisang paraan ang pagtutumbas ng mga konsepto at konteksto (David at Davidson, 27; Treagust et al. 85-86). Napapadali ang pagkatuto sa nakaraan gamit ang nalalanghap na realidad ng kasalukuyan. Sa lantad na paningin, mabisang pagtutumbas sa mga neolohismong umusbong sa halos mag-iisang taong karanasan ng mga Pilipino sa COVID-19. Ibig sabihin nito, uunawain ang nakaraan (ketong) sa pamamagitan ng kasalukuyan (COVID-19). Aking hihiramin ang mga salitang lumitaw sa panahon ng COVID-19 bilang bagong bahagi ng semantika at korpora ng wikang F/Pilipino. Maliwanag na mababakas dito ang arbitraridad ng wika. Ayon nga sa lingguwistang si Henry Gleason, pinagkakasunduan at sinasang-ayunan ng buong lipunan ang wika. Isinasalalay nila ang pagtatakda ng konteksto sa bawat salita kung saan ang bawat pangkat ay maaaring sumang-ayon sa pagpili ng mga salita at kahulugang kakatawanin nito para sa kanila. Sa pamamagitan ng malikhaing paggamit at panunumbas ng mga neolohismong umusbong sa panahon ng COVID-19 katulad ng: 1) Lockdown-ECQ, 2) Social Distancing, 3) Hugas

Kamay, 4) Positive (+) Patient, 5) Frontliner, 6) Ayuda, 7) #Quarantings, at 8) New Normal, madali nang mauunawaan ng sinuman ang naging kasaysayan ng ketong sa Pilipinas.

Sakit ng Loob: Ang COVID-19 sa Kasalukuyan

Sa pagtatapos ng taong 2019, agad na kinumpirma ng Wuhan Municipal Health Commission sa Tsina ang pagsibol ng panibagong uri ng Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS) na pumukxa sa malaking populasyon nito (WHO [2020a]) at idineklara bilang ganap na pandemya noong Marso 11, 2020 (Riley et al. 73; WHO [2020a]). Ang COVID-19 ay kabilang sa malaking pamilya ng mga coronavirus na kinabibilangan din ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS) at SARS. Itinuring lamang ito noong una bilang *Novel* (new o bago) *Coronavirus* dahil bago lamang ang eksistens nito sa patolohiyang pantao (MMWM). Tinawag din ito bilang SARS-CoV-2 na magiging COVID-19 kinalaunan. Pinaniniwalaan na nagmula ang nasabing virus sa Huanan Seafood Wholesale Market sa Wuhan, Hubei (Letzter) na itinuring noon bilang Ground Zero, kung saan lantarang ipinagbibili at kinakatay ang mga tinatawag na exotic animal, na posibleng naging carrier ng sakit. Hindi nagtagal, lumipat ang virus mula sa hayop patungo sa mga tao (*animal-to-human transmission*). Bagamat pagkaraan ng ilang siyentipikong pagsusuri at imbestigasyon, napapatunayang hindi sa pamilihan ng Wuhan nagmula ang nasabing virus.

Gayumpaman, lumaganap na ang sakit sa labas ng Tsina. Ang Vietnam (Phelan et al. 709) at Thailand (WHO [2020a]) ay mga bansang unang nagkaroon ng kaso ng COVID-19 na nasa labas ng Tsina. Kalaunan, magkakaroon din ng mga travel-related case ang mga bansang Australia, Cambodia, Canada, France, Germany, Japan, Nepal, Singapore, Timog Korea, Taiwan, Thailand, United Arab Emirates, at Estados Unidos (Phelan et al. 709-710). Sa Pilipinas, buwan ng Enero unang naitala ang unang kaso ng COVID-19—babaeng Tsino na nagmula sa Wuhan na bumiyahang patungong Hong Kong bago nakarating sa Pilipinas (Edrada et al. 2; Gregorio). Isa ito sa tatlong unang kaso ng COVID-19 sa Pilipinas na nagmula sa Wuhan (Dancel [2020a]). Samantala, ilang araw pagkalipas, inanunsiyo ni Francisco Duque III ng Department of Health ang pagsusuri sa dalawampu't siyam na Pilipinong hinihinalang positibo sa sakit: Maynila (18), Gitnang Visayas (4), Kanlurang Visayas (3) at tig-iisa sa rehiyon ng MIMAROPA, Silangang Visayas, Hilagang Mindanao, at Davao (Paris). Kaya't mula sa kaganapang ito, patuloy na lumulobo ang kaso ng COVID-19 sa buong Pilipinas. Ayon sa talang inilalabas ng John Hopkins University, habang isinusulat ko ang pag-aaral na ito, mayroon nang 367,819 na kaso ng COVID-19 ang buong Pilipinas, kung saan 6,934 ang nasawi rito (JHU).

Dahil sa pangambang hatid ng arawang tala ng COVID-19, walang dudang nakapagbuo ito ng labis na takot sa lipunang Pilipino. Traydor ang virus na hatid ng COVID-19 na patuloy na sumasalot sa lipunang Pilipino. Kaya't sa panahon ding ito lilitaw ang monumental na pagbabansag sa sakit bilang *Kalabang Hindi Nakikita*. Sa papamagitan ng mga aerosol, na kalimitang mga laway, ubo, sipon, at maging hininga, naisasalin ang sakit sa iba pang tao. Ngunit, sa kabila ng pangamba, aligaga, at trauma, may pagbabalewala pa rin ang mga tao sa sakit.

I. Lockdown—ECQ: Barikada ng Pandemya

Isang amorphous na terminolohiya ang lockdown. Ibig sabihin, wala itong tumpak na kahulugan at konteksto sapagkat kusang sumibol ito sa korporea ng mga salitang pantao lalo

na ngayong panahon ng COVID-19. Tumutukoy ang lockdown sa mandatoryong kautusan para sa lahat ng tao na manatili sa partikular na lugar kung saan sila naabutan sa oras na maipatupad ito. Ipinatupad ang lockdown upang malimitahan ang kilos o paggalaw ng tao nang sa gayo’y maiwasan ang paglaganap ng sakit. Ginagawa ito sa isang lugar na sumasailalim din sa quarantine (Future Learn 2020). Bagamat hindi isang medikal na termino ang lockdown, ginamit na rin ito ng kalahating populasyon ng mundo noong unang bahagi ng taon bilang panukoy sa samot-saring restriksiyon katulad ng pagsasara ng mga restoran at pamilihan, pagbabawal sa anumang umpukan o social gathering, at mahigpit na pag-uutos na manatili sa loob ng tahanan (Kaplan et al.). Kaya’t nauso na rin sa buong mundo ang katagang “Stay-at-Home.”

Sa unang pagkakataon, naranasan ng mga Pilipino ang hagupit ng lockdown. Kararating ko lamang noong Marso 12, 2020 sa paliparan galing ng Sydney, Australia nang mabalitaan ko ang napipintong lockdown sa ilang bahagi ng Pilipinas alinsunod sa panukala ng Pangulong Rodrigo Duterte. Inanunsiyo ng pangulo na magkakaroon ng lockdown sa buong Kalakhang Maynila pagsapit ng Marso 15, 2020 na tatagal hanggang Abril 14, 2020 (Aspinwall [2020a]). Ipinanukala ito sapagkat naging mabilis ang pagkalat ng COVID-19 sa pagitan ng Marso 12 hanggang Marso 15 kung saan mula sa limang kumpirmadong positibo sa sakit, kaagad itong pumalo sa limampu’t dalawa (Ravelo). Itinaas din sa Code Red Sublevel 2 ang kalagayan ng sakit sa Pilipinas na naging dahilan upang ipatupad sa kauna-unahang pagkakataon ang malawakang lockdown sa kasaysayan ng Pilipinas (Talabong). Kasabay ng lockdown, malawakan ding ipinatupad sa buong Luzon ang Enhanced Community Quarantine (ECQ), salitang namutawi rin sa bibig ng mga Pilipino, upang makontrol ang paglaganap ng virus na kalauna’y nagkaroon ng makailang beses na ekstensiyon (Aljazeera 2020; Calonzo at Jiao). Sa ilalim ng panuntunan ng ECQ, mahigpit na ipinagbabawal ang paglabas ng bahay maliban sa mga sundalong ikinalat at bumabarikada [Larawan 1] sa kalat-kalat na bahagi ng bansa at mga medical worker na kapwa itinuring ngayong bilang mga frontliner (Austriaco; Dancel [2020b]).



Larawan 1. Sundalo ng Armed Forces of the Philippines na bumabarikada alinsunod sa pagpapatupad ng Lockdown sa buong Maynila (Umali).

Gayumpaman, dumaan ang lipunang Pilipino sa iba't ibang uri ng nibel ng quarantine; panuntunang nagbabago bawat kalahati ng buwan sa tuwing inaanunsiyo ito ng pamahalaan. Ngunit, mas kilala ng balana ang ECQ dahil sa naging impact nito sa buong lipunan. Liban sa paglitaw ng ECQ, nariyan din ang MECQ (Modified Enhanced Community Quarantine), GCQ (General Community Quarantine), at MGCQ (Modified General Community Quarantine). Sa ilalim ng panuntunan ng MECQ, pinahintulutan na ang paglabas ng ibang mga esensiyal na manggagawa; GCQ, pinalalabas ang mga tao maliban sa mga 21 na taong gulang pababa at 60 na taong gulang pataas; at MGCQ, tuluyang pagbubukas ng ibang establisimyento ngunit sa kalahating bahagyang kapasidad lamang nito ang maaaring tanggapin (Austriaco). Sa kabila ng napakaraming lockdown at ECQ (wika nga ng mga Pilipino) na ipinatupad sa bansa, kabalintunaan sa Pilipinas ang siyang may pinakamahabang ipinatupad na lockdown sa buong mundo at patuloy na nakapagtatala ng bagong kaso ng COVID-19 araw-araw (Yee). Mapapaisip ka na lamang minsan kung nasaan at kanino na ba talaga ang ugat ng problemang ito?

Sa personal kong danas sa komunidad, marami sa ilang mga Pilipino ang sinasawalang-bahala ang mga nagdaang lockdown. Matatalisod mula sa kanilang mga katwiran ang samot-saring dahilan katulad ng labis na pagkaboryong sa loob ng tahanan; walang magawa sa bahay kung kaya't lumalabas na lamang sila upang maglibang at maglaro; makipagkuwentuhan sa mga kapitbahay at kaibigan; nag-iinuman nang palihim; at ang malala pa'y ang ilan ay hindi sumusunod sa panuntunan ng pamahalaan. Kaya dati'y aking napaskil sa Facebook ang ganitong malunos na kalagayan ng ating pag-iisip:


Sa kauna-unahang pagkakataon, habang nakabisikleta kanina upang mamalengke. Suot ang dalawang patong na *mask* at *face shield*. Napadaan sa isang barangay dito sa Marikina. Laking gulat ko na umpukan ang mga tao. **Kabataang naglalaro ng patintero, mga nanay na nagkukumpol sa chismis, at may ilan ding nagsasabong.** Oo at wala silang mga *mask*. Esensiyal na pangangailangan ba ang patintero, chismis at sabong? Ganito na ba talaga tayo? Mahirap bang magmahal at magmalasakit sa kapwa-tao? Ang malala, kaya pa bang magpakaTAO nating mga Pilipino? Mga kapatid, oras na siguro para pagnilay-nilayan kung ano ba talaga ang papel ng bawat isa sa atin/bawat sarili sa Digmaang COVID na ito— tayo ba ang solusyon o dagdag salot sa lipunang sinasalot na? Isipin na unti-unti nang bumabagsak ang ahensiyang pangkalusugan, sektor ng kabuhayan, apektado ang edukasyon at ekonomiya, at aspektong moral at mental ng bawat isa. Nasaan ka ba talaga? Tinanggap na ba natin nang tuluyan ang retorika at tadhana ng pandemyang ito na— "*Lahat tayo ay mauubos, una-una nga lang*"? Nakakalungkot. (Tugano [2020])

Sa unang banda, maaaring masabing matitigas ang ulo ng ilang mga Pilipino. Mula sa pagpapatupad ng malawakang lockdown, may ilan pa ring lumalabag sa panuntunan ng batas, palabas-labas ng mga tahanan kahit walang importanteng gagawin sa komunidad, at ang malala pa'y hindi naniniwala sa eksistensi at suliraning hatid ng COVID-19. Kaya't dahil sa sunod-sunod na ekstensiyon ng mga lockdown, muling lumitaw sa retorika ng pamahalaan ang tila pagpukol sa kaugalian ng mga Pilipino bilang mga pasaway kung bakit lumalala ang kaso ng COVID-19. Unang pinaratangan noong Marso 16, 2020 ni Hope Libiran, Transport Assistant Secretary ang mga Pilipino bilang pasaway, matitigas ang ulo, pilosopo, at makasarili; Harry Roque noong Abril 16; Eduardo Año noong Abril 17; Senador Tito Sotto noong Hunyo 29; at Pangulong Duterte noong Hunyo 30 (PDI). Iginiiit

pa nga ni Roque na ang dahilan ng pangunguna ng Pilipinas sa ASEAN bilang bansang may pinakamaraming kaso ng COVID-19 ay idinulot ng mga tinurang pasaway (Cigara; Punongbayan). Sa kabilang banda, maaaring kinasasangkapan na lamang ng rehimen ang retorika ng pasaway at walang disiplina upang mapagtakpan (*blame game*) ang walang malinaw na direksiyon na plano ng pamahalaan sa suliranin ng COVID-19. Kaya't lagi na lamang nilang bukambibig na “sumunod na lamang sa Pangulo upang malabanan ang COVID-19” (Sapalo at Marasigan). Salungat naman ito sa ilang mga nagdaang sarbey ukol sa pandemya. Tinatayang isa ang Pilipinas sa mga bansang nangungunang may mahigpit na pagsunod sa protokol katulad ng pananatili sa loob ng bahay, paghuhugas ng kamay, at pag-iwas sa mga matataong lugar (Punongbayan). Bagamat sa pagbabalanse, hindi rin naman maaaring ituring bilang absolutong sandigan ang kinalabasan ng sarbey. Gayundin, ang panukala ng mga nasa posisyon ukol sa kaugalian ng mga Pilipino lalo pa't kung hindi naman sila nalalantad sa realidad. Katulad ng obserbasyong sinipi sa itaas, marami pa rin sa mga Pilipino ang isinasawalang-bahala ang banta ng COVID-19 lalo pa't nito lamang sa ilang mga lugar na sinalanta ng pagbaha dulot ng bagyong Ulysses, tila nakalimutan na ng ilang mga Pilipino na umiiral pa rin ang COVID-19. Mababakas ang pagkalaho ng kinagisnang protokol sa ilang pamayanan at mga evacuation center.

2. Social Distancing: Tungo sa Epektibong Pag-aagwat

Kasabay ng lockdown at ECQ, sumibol at namutawi rin sa bibig ng mga Pilipino ang *social distancing*. Nangangahulugan itong pagbibigay distansiya o layo-layong posisyon mula sa ibang tao upang maiwasan ang hawaan ng sakit. Pinaniniwalaan ng mga eksperto na mababa ang tiyansang mahawa ang isang indibidwal mula sa apektadong tao kung mayroon silang distansiya sa bawat isa na kadalasa'y anim na talampakang layo (CDCP [2020a]). Unang ginamit sa buong mundo bilang termino ang social distancing noong maagang bahagi ng COVID-19. Bagamat ayon sa panukala ni Lisa Maragakis, mas mainam nang gamitin ang *physical distancing* lalo pa't unti-unti nang nagbubukas muli ang publiko sa iba't ibang mobilisasyon ng tao (2020). Malinaw ang pagpapakahulugan sa physical distancing upang laging masaisip ng mga tao ang panuntunan ng pagbibigay-distansiya sa isa't isa.



Larawan 2. Panuntunan ng Department of Health hinggil sa social distancing (Elma).

Lumaganap ang neolohismong ito sa lipunan ng mga Pilipino. Kahit papaano, hindi nagkulang ang pamahalaang paalalahanan ang bawat isa sa ganitong protokol. Mula sa mga mikroponong sumisigaw oras-oras sa mga matataong lugar ng “Social Distancing po tayo” hanggang sa patalastas na ipinapalabas sa social media at telebisyon, hindi nakapagtatakgang tila-LSS (Last Song Syndrome) na ang tingin sa konsepto ng social distancing. Sa isang probinsiyal na websayt ng Department of Health, mariing ipinapaliwanag nito ang panuntunan [Larawan 2] hinggil sa pagpapanatili ng social distancing sa anumang oras lalo na sa tuwing lumalabas ng bahay. Nasa wikang F/Pilipino ang pagkakasulat, malinaw, at tiyak na mauunawaan ng bawat Pilipino.

Ngunit, sa unang serye ng pagpapatupad sa social distancing, tila hindi ito nasunod ng nakararami. Dalawang linggo pa lamang matapos ipatupad ang lockdown sa Pilipinas, halos 50,000 katao na ang nahuling lumabag sa protokol (KN) at karamihan dito’y hindi sumusunod sa social distancing. Malunos ang kalagayan ng National Capital Region noon. Bukod sa mataong lugar ang mga siyudad na naririto, litaw ang katigasan ng ulo ng iilan. Sa mga pamilihan (cf. Casas) ay makikitang hindi inaalintana ng mga tao ang posibleng hawaan ng sakit. Gayundin sa mga sakayan ng bus. Ilang araw pagkatapos mabatid ang napipintong lockdown ng Pilipinas, aligagang nagsiuwian ang ilan [Larawan 3] sa kani-nilang mga probinsiya na naging dahilan ng labis na siksikan.



Larawan 3. Nagsisiksikang mga pasahero sa terminal ng bus sa Cubao, Quezon City (Pasley).

Sa madaling salita, nalabag na rito ang protokol ng social distancing. Kaya’t hindi nakapagtataka kung bakit mas lalong humigpit ang pamahalaan. May ilang lalawigan ang nanhuli ng mga lumabag. Samantala, mayroon ding ikinulong sa malakulungan ng hayop [Larawan 4] ngunit inulan din kinalaunan ng batikos mula sa ahensiyang nangangalaga ng karapatang pantao (HRW). Naglabas din ang pamahalaan ng kautusang ikukulong nang sampung araw hanggang isang buwan at pagbabayaran ng 1,000 hanggang 5,000 piso ang sinumang labag sa panuntunan ng social distancing (Lopez).




Larawan 4. Mga nahuling lumabag at ikinulong sa maliit na selda (HRW).

3. Hugas-Kamay: Saligan ng Sanidad

Isa ang paghuhugas ng kamay sa mga isinusulong na mga preventive measure ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan upang maiwasan ang pagkakalantad sa COVID-19. Mula sa mga paulit-ulit na patalastas sa telebisyon, YouTube, balita o radyo, at maging sa opisyal na panuntunan ng Department of Health [Larawan 5], ipinaliwanag ang proseso at kahalagahan ng paghuhugas ng kamay (Isinika [2020a]). May katiyakan ang kahulugan ng konseptong ito ngunit kinakailangang ipagduldulan ng pamahalaan ang mga ganitong pagpapaalala lalo pa't sa katangian ng disiplina mayroon ang ilang mga Pilipino. Ayon sa panuntunan ng Centers for Disease Control and Prevention, kinakailangang hugasan ang kamay nang de-sabon na hindi bababa sa 15 hanggang 20 segundo (PHO; USFDA) ngunit ayon sa World Health Organization, ang paghuhugas ay dapat nagtatagal ng 40 segundo hanggang isang minuto (Koerth).

Bago pa lumaganap ang COVID-19 sa Pilipinas, masaklaw na ang promosyon ng mga ahensiyang pankalusugan sa buong daigdig hinggil sa paghuhugas ng kamay. Iginigiit nila na ang labis na paghawak sa mata, ilong, at bibig gamit ang madumi o hindi nahugasang kamay ay posibleng makapagsanhi ng pagkalat ng mikrobyo sa katawan (TPH). Bagamat naging neolohismo lamang ang “Hugas-Kamay” dahil naging bukambibig na ito ng mga Pilipino sa mga nagdaang buwan.

Sa tinuran ng mga institusyong pankalusugan, iminumungkahi ang paggamit ng alkohol o hand sanitizer bilang alternatibong panlinis kung walang tubig at sabong gagamitin. Naglalaman ang mga sanitizer ng 60% ethanol (alkohol na ethyl) na maaaring pumatay ng mikrobyo sa katawan. Bagamat may bantang hatid ang ilan sa mga sanitizer na kumakalat sa ilang pamilihan. Naglipana sa ibang merkado ang sanitizer na kinasasangkapan ng methanol o alkohol na kahoy na lubhang nakabubulag ng mata o nakalalason sa katawan ng tao (USFDA).



Larawan 5. Panuntunan ng Department of Health hinggil sa paghuhugas ng kamay (Elma).

Gayumpaman, kasabay ng pagbulusok ng retorikang Hugas-Kamay, sumunod namang gumalaw ang kapitalismo. Kung sa ibang bansa, nagkakaroon ng problema sa malinis na tubig bilang panghugas ng kamay (cf. Khalid 3), lumaganap naman sa ilang pamilihan ang kultura ng panic buying at hoarding o pag-iimbak ng labis na bilang ng produkto. Nasa Australia ako noong lumaganap ang COVID-19, kitang-kita sa mga pamilihing katulad ng Woolworths, Coles, ALDI, at Costco ang pag-iimbak ng ilang mga Australyano ng tissue paper (Oremus). Sa aking pagninilay, gagamitin nila ito upang gamitin sa tahanan. Ngunit, kaiba ang naging senaryo nito sa lipunang Pilipino. Nagsilbi itong oportunidad ng mga kapitalistang hindi tinitingnan ang epekto ng kanilang ginagawa sa banta ng COVID-19. Marami sa mga Pilipino ang naghakot ng tone-toneladang alkohol, hand sanitizer, at tissue paper upang maibenta sa doble hanggang tripleng presyo (Madarang). Kaya't sa kalagitnaan ng pandemya, maraming abusadong negosyante ang nasamsaman ng awtoridad ng mga produktong ibinebenta sa napakataas na halaga (Caliwan; CNNPS [2020a]). Ang ganitong senaryo ay ilan lamang sa mga maaaring iugnay sa konsepto ng Hugas-Kamay na umiral bilang neolohismo sa panahon ng COVID-19.

Mahirap masukat kung may pagbabalewala ang mga Pilipino sa Hugas-Kamay. Maliban sa may kahirapang masuyod ang ganitong bagay, walang parametro ang makapagpapatunay sa estado nito ngayon. Liban na lamang sa mga natalisod kong pilosopong pahayag sa social media na may direktang kinalaman sa sanidad; halimbawa, ang paniniwala ng iilan na hindi nakapagtatanggal ng virus ang tubig kaya't mas mainam na lagyan na lamang ng Ginebra San Miguel; hindi nagtatagal nang ilang minuto ang mikrobyo sa mga gamit kaya't ligtas na raw sila diumano sa banta ng COVID-19; at sa halip na ipambili ng sabon at alkohol, pagkain na lamang ang kanilang pagtutuonan ng pansin. Sa kabila ng limitado na nga ang kaalaman ng mga Pilipino sa bagay na ito, lumabas pa sa buong bansa ang isang birong pahayag na tinurang totoo ni Pangulong Duterte na nagsasabing kung walang kakayahang makabili ang mga pamilyang Pilipino ng alkohol at ilang disinfectant, tumungo na lamang sila sa mga gasolihan at doo'y humingi ng petrolyo bilang panhugas ng kamay (Arizala; Esmaque II). Kung iisipin, paano seseryosohin ng

mga Pilipino ang idea at kawastuhan ng Hugas-Kamay kung ang lider mismo ng bansa ang siyang naghahatid ng katatawanan at walang kapararakang konsepto hinggil sa usaping ito?

Sa kabilang banda, maaari ring sabihing hindi ganoon ang kaisipan ng ilang mga Pilipino ukol sa idea ng Hugas-Kamay. Sa inilabas na sarbey noong kalagitnaan ng taon, sa higit dalawampung bansang may matataas na kaso ng COVID-19, pumapangatlo (81%) ang Pilipinas sa bansang sumusunod sa paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig samantalang nangunguna (69%) naman sa paggamit ng hand sanitizer (Punongbayan).

4. Positive (+) Patient: Pagsusumamo ng mga Tinalikdan

Sa ngayong panahon ang salitang positive (+) ay kadalasang naikakabit sa pagkalantad at pagkahawa ng indibidwal sa isang may COVID-19. Wika nga sa social media, ang maging negative sa COVID-19 ay siyang pinakamagandang positive sa buhay ng isang tao ngayon. May itinakdang sintomas ang World Health Organization patungkol sa posibleng pagkapositibo sa COVID-19. Ang kadalasang mga sintomas nito ay mataas na lagnat, tuyong ubo, at labis na pagkahapo. Sintomas din minsan ang kawalan ng panlasa o pang-amoy, pananakit ng lalamunan at ulo, pananakit ng mga kasukasuan, pagsusuka, at labis na pagdudumi (WHO [2020b]). Tinatayang umaabot ng 11 hanggang 14 na araw ang incubation period ng COVID-19 bago tuluyang maging positibo ang indibidwal pagkatapos ng kaniyang pagkakatantad (CDCP [2020b]). Bagamat may iba't ibang nibel ang pagiging positibo sa COVID-19—*asymptomatic* (walang sintomas ngunit nakakahawa), *mild*, *moderate*, *severe*, at *critical* (Lowth)—lubos pa ring pinangingilagan ang sakit na ito.

Sa panahon ngayon, nakakailang na kung uubo o babahing sa harap ng maraming tao. Kaagad nilang ikakabit sa iyo ang konsepto at konteksto ng positive (+) o positive patient na naglipana sa bukambibig ng nakararaming Pilipino. Hindi lantad ang sakit na dulot ng COVID-19. Kaya't sa ikatitiyak nito, kinakailangang dumaan sa pagsusuring medikal ang mga hinihinalang positibo sa sakit na ito. Mayroon tayong tinatawag na COVID-19 RT-PCR Test o *real-time reverse transcription polymerase chain* na ginagamit upang agad na matukoy ang nucleic acid partikular na ang ribonucleic acid (RNA) ng sakit. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng *swab* test: *oropharyngeal* o pagkuha ng laway sa lalamunan, at *nasopharyngeal* naman sa ilong [Larawan 6] (FDA, 1; Jazul). Mas natitiyak ng RT-PCR ang kawastuhang resulta ng sakit kung ihahambing ito sa Rapid Antibody Test o Serology Test na nagdedetermina lamang kung ang isang tao ay may sapat na antibodies upang labanan ang COVID-19. Kaya't sa mga unang serye na ginamit ang Rapid Antibody Test, marami sa mga positibong pasyente ay nagiging negatibo ang resulta at bise-bersa (Jazul). Ang mga pasyenteng Person under Investigation (PUI), sa tulong ng Infection Control Committee (ICC) ay idadaan sa mahigpit na quarantine. Ipagbibigay-alam ng ICC sa Department of Health Regional Epidemiology and Surveillance Units (RESU) ang kaso na siya namang pinal na isusumite sa Department of Health Epidemiology Bureau (Quadra). Samantala, ang ilang mga pasyenteng nakararanas ng labis na hirap sa paghinga sanhi ng COVID-19 ay kaagad na dinadala sa Intensive Care Unit (ICU) upang mabigyan ng remedyo (Quadra).



Larawan 6. Pagsasagawa ng Swab Test sa panahon ng COVID-19 sa Pilipinas (Palicte).

Mahirap ang dinaranas ng mga positibong pasyente ngayong COVID-19. Bukod sa labis silang iniwasan, mahigpit ang panuntunan ng mga ospital para sa kanila. Hindi lamang sa Pilipinas, bagkus sa buong mundo (*cf.* Siddiqi 1-2), karamihan sa mga positibong pasyente ay hindi maaaring bisitahin ng mga pamilya. Tanging mga mediko lamang ang haharap at titingin sa kanila. Kung minsan, gumagamit na lamang ng mga telepono o cellphone ang mga pasyente upang makausap ang kanilang mga mahal sa buhay. Sa tuwing nasasawi ang biktima ng COVID-19, hindi na ito paglalamayan pa. Mahigpit na ipinagbabawal ng pamahalaan ang pagbuburolo ng mga patay na nasawi sa COVID-19 bagkus kinakailangan na itong sunugin (cremation) sa loob ng kalahating araw (AFP). Walang duda ang mapait na kapalarang nararanasan ng mga positibo sa COVID-19.

Sa ngayon, may ilang positibo sa COVID-19 ang hindi o takot na lumantad sa awtoridad dahil sa kanilang naiisip na kahihinatnan sa loob ng ospital. Liban sa hatid na panganib nito, naging talamak ngayon ang usap-usapang umaabot ng milyon ang gagastahin ng magpapagamot sa COVID-19. Buwan ng Hulyo, ngayong taon, kumalat din ang balita na magpapatupad daw diumano ang pamahalaan ng taktikang mala-Drug War (Robertson) upang tugisin ang mga indibidwal na posibleng nalantad at nahawa sa COVID-19. Sa ilalim ng ganitong kautusan, bahay-bahay kung susuriin ng kapulisan nang sa gayo'y matuntun ang mga nagtatagong positive patient (Aspinwall [2020b]). Bagamat mariin itong pinabulaanan ni Eduardo Año bilang isang fake news. Nilinaw nito na hindi kailanman gagawin ng administrasyon ang ganoong sistema sa panahon ng COVID-19. Ayon sa kaniya, sa ilalim ng Oplan Kalinga, ang trabaho lamang ng kapulisan ay igiya ang mga health worker na nagsasagawa ng contact tracing at iba pang gawaing medikal (Marquez [2020a]). Gayumpaman, kahit napatunayang walang katotohanan ang ganitong hakbang ng pamahalaan, inulan ito ng batikos mula sa mga ahensiya at organisasyon. Sa kanilang mga tinuran, labag daw ito sa karapatang pantao ng bawat pamilyang Pilipino.

Gayundin, kahit sabihing nakakaawa ang mga naging biktima ng COVID-19, kailangan ding timbangin na may negatibong bagay din ang maaaring ipukol sa kanilang hanay. Bukod sa marami pa rin ang nagtatago at hindi lumalantad tungkol sa kanilang sakit, may

ilan ding kumpirmadong positibo ngunit tumatakas mula sa loob ng ospital. Sa kasagsagan ng digmaan kontra COVID-19, may kalat-kalat na kasong naitala hinggil sa pagtakas ng mga pasyenteng positibo sa COVID-19 sa University of the Philippines-Philippine General Hospital (Mendoza; MBA) at sa Lungsod ng San Juan (CNNPS [2020b]; Marquez [2020b]). Ang ganitong irasyonal na pag-iisip ng mga pasyente ay magdadala pa lalo sa ikapapahamak ng buong lipunan.

Liban sa mga pagtakas ng mga positibong pasyente, mayroon ding ilang Pilipino ang binabalewala ang posibilidad na pagkakalantad nila sa sakit. Halimbawa nito ang aking naging obserbasyon sa Pangasinan. Katulad ko na kagagaling lamang noon sa Australia, marami rin doon ay nagsipag-uwi galing sa Gitnang Silangan na may kaso ng COVID-19. Mandatoryo kaming/silang ituturing bilang PUM (Person Under Monitoring) na sasailalim sa labing-apat na araw na self quarantine sa loob ng aming/kanilang tahanan na kung saan itinatala pa ng mga medical workers ang pangalan ng mga kasambahay. Sa kasamaang palad, sa halip na manatili sa bahay nang dalawang linggo, ang ilan sa kanila ay nagsisipagpuntahan sa iba't ibang tahanan at doo'y nag-iinuman at nagkakasiyahan na tila bagang hindi inaalintana ang posibleng hawaan kung sakali. Isa rin sa halimbawa ng pagbabalewala ng hindi lamang isang ordinaryong Pilipino bagkus isang politiko, ay ang paglabas ng bahay sa kabila na siya'y kumpirmadong positibo sa sakit. Kabilang na rito ang pagtungo ni Senador Koko Pimentel sa Makati Medical Center noong Marso 25, 2020 upang samahan ang asawang manganganak (Isinika [2020b]; Pazzibugan). Sa halip na manatili sa kaniyang tahanan, inilantad pa niya ang kaniyang sarili at ipinahamak pa ang nakararami dahil sa sakit. Bagamat iginiit nitong hindi niya pa nababatid na siya'y positibo sa sakit, hindi pa rin isang matuwid na gawain ang lumabag sa panuntunan ng self quarantine.

Isa pa sa mga maaaring tingnan na hindi magandang pag-uugali ng ilang mga Pilipino bilang larawan ng pagbabalewala sa panahon ng COVID-19 ay ang pagiging mapaniwalain sa mga kuwento-kuwento at tsismis. Bagamat ang tipikal na paniniwala ng mundo ukol sa pinagmulan ng COVID-19 ay ang pagkain ng tao sa paniki o hindi kaya'y nagmula sa mga ahas o pusang civet, lumaganap din sa lipunang Pilipino ang iba pang mga bersiyon. Nariyan ang konspirasyon hinggil sa paggamit sa virus bilang isang bioweapon (biological weapon) ng Estados Unidos at Tsina (cf. Sardarizadeh at Robinson); ang 5G Mobile Phone Network na nakapagbibigay ng COVID-19 sa katawan ng tao; at napakarami pang iba. Maging ang mga huwad na impormasyon hinggil sa lunas kontra-COVID-19 ay namutawi na rin sa kaisipan ng ilang mga Pilipino. Halimbawa nito ang pagbibilad sa araw nang 20 hanggang 30 na minuto; ang pagkain ng saging (Galvez), pag-iinom ng Ginebra San Miguel, at marami pang iba.

5. Frontliners: Kaniyang Pagharap sa mga Tinalikdan

Mahalagang tingnan ang pagkakalantad ng mga frontliner sa panahong ito. Mula sa literal na pagpapakahulugan bilang “front” = harap at “liner” = tao, mababakas na kinabibilangan ito ng mga sektor na humaharap sa isang ekstraordinaryong pangyayari at pagkakataon. Madalas na ikinakabit sa neolohismong “Frontliners” ang katauhan ng mga sundalo, kapulisan, mediko o doktor, nars, caregiver, at iba pang naglilingkod sa larangan ng seguridad at medisina. Nariyan ang mga sundalo [Larawan 7] at kapulisang ikinalat sa iba't ibang sulok ng bansa upang abatan ang mga lumalabag sa panuntunan ng seguridad

at magsilbing giya sa bawat lalawigan at lungsod nang sa gayo'y makontrol ang paglaganap ng sakit. Malaki ang kanilang ginampanan upang malipol ang mga nananamantala sa panahon ng pandemya.



Larawan 7. Mga sundalong Frontliners na ikinalat sa iba't ibang bahagi ng bansa (Parrocha).

Higit pa sa mga ganitong pagpupugay, ang pagtrato sa mga healthworker [Larawan 8] bilang sukdulang imahen ng pagiging frontliner. Direkta silang nakikibaka sa wika ngang “life-and-death” (Venkatesh, 4) na yugto ng kasalukuyang balakid ng lipunan. Gayumpaman, hindi makalilimutan ang pagbubusabos ng ilang politiko sa imahen ng mga healthworker na ipinagpapalagay nga nating kabilang sa mga marhinalisadong sektor. Hindi lamang dapat itanghal ang kanilang imahen sa kubling retorika ng bayan bilang mga *fictional superheroes* (Candaza) o *modern day heroes* (Parrocha), kung hindi busilak ang pagtingin sa kanila ng pamahalaan.



Larawan 8. Mga medical Frontliners na itinuturing bilang bayani (Parrocha).

Saksi ang lahat kung paanong nababalaho ang kanilang karangalan at buhay dahil sa kapabayaang ng pamahalaan at ilang pabayang mamamayan ng bansa. Sa huling pagtatala, tinatayang halos 7,000 sa mga healthworker ay naging positibo sa COVID-19 at 40 na rito

ang nasawi (Ramos). Patuloy silang nahahapo sa napakahabang serbisyo na lagpas pa sa itinakdang oras ng kanilang normal na pagtatrabaho (Venkatesh 4). Sa kalagitnaan ng Agosto, unti-unti nang sumusuko at nagiging kritikal (Biana at Joaquin 1) ang sektor na medikal at nakikiusap sa pamahalaan na bigyan sila ng pahinga at pagpapahalaga. Nasa 60 hanggang 70 na samahan at asosasyon ang tahasang sumulat sa tanggapan ni Duterte upang makiusap na dinggin ang kanilang mga hinaing ngunit kagyat na ipinagpalagay ito ng huli bilang isang hakbang ng rebolusyon kontra-pamahalaan (Ernesto; Romero et al.). Gayumpaman, inaprubahan at nagpatupad pa rin si Duterte ng dalawang linggong *stricter enhanced community quarantine* mula Agosto 1 hanggang Agosto 15 upang bumaba ang kaso ng COVID-19 at mabawasan ang pagkakapuno sa mga pasilidad (Biana at Joaquin 1; CNNPS [2020c]). Walang duda ang kabatiran ng lipunan sa neolohismong “Frontliners” bilang mga bayani at tapat na tagapaglingkod.

Liban sa pamahalaan, may ilang engkuwentro rin ng pagbabalewala ng mga mamamayang Pilipino sa mga frontliner. Sa pangkabuoan, ang hindi pagsunod ng mga Pilipino sa anumang protokol at payong medikal ng mga frontliner ay malinaw na larawan ng pagbabalewala sa kanilang sektor. Naging bantog sa buong mundo ang katagang “Stay Home for Us” (Abrahamson) mula sa mga frontliner bilang pagpapaalala sa mga tao na kinakailangan nila ng ating pakikiisa upang labanan ang COVID-19. Bagamat marami pa rin sa atin, halimbawa ang mga Pilipino ang binabalewala ang ganitong pahayag. Kasabay ng pagluray ng ating sariling pamahalaan sa kanilang sektor, nakikipagsabayan din dito ang mga irasyonal na mamamayan. Sa social media halimbawa, maraming lumitaw na mamamayan ang negatibong nagpahayag hinggil sa paghingi ng kapahingahan ng mga frontliner. Makikita ang mga komentong: 1) “Kung hindi ninyo magagawa ang tungkulin, bakit pa kayo nanumpa bilang mga doktor at nars”; 2) “Kung hindi na ninyo kaya, mag-resign na lamang kayo”; 3) “Ang dami naman ninyong arte, pasalamat nga kayo may suweldo pa rin kayo”; at napakarami pang iba. Sa ganitong realidad, malinaw na nababalewala ang mahalagang imahen at gampanin ng mga frontliner sa COVID-19.

6. Ayuda: Pantawid-Buhay sa Panahon ng Sigwa

Madalas na maririnig sa kasalukuyang panahon ang “ayuda.” Bagamat ang kaniyang etimolohiya ay malinaw na nagmula sa wikang Español na “ayuda” = tulong o saklolo, kaagad naman itong naging bukambibig ng mga kasalukuyang Pilipino. Walang kalinawan kung saan at sino ang nagpasimula ng neolohismong ito sa panahon ng COVID-19. Gayumpaman, umiral at naglipana ang kontekstuwalisasyon sa ayuda nang magkaroon ng pagtaas ng unemployment rate sa bansa dulot ng malawakang pagbabawas o pag-aalis sa napakaraming manggagawang Pilipino. Sa pagtatala noong Abril, mahigit pitong milyong Pilipino ang nawalan at tinanggalan ng kabuhayan (Apostol at Go). Marami sa mga pamilyang Pilipino ang walang dudang naghikahos sa gutom kasabay ng tumataas na kaso ng COVID-19 sa bansa.

Umaksiyon ang pamahalaan sa ganitong malunos na suliranin. Marso 2020 nang tuluyang ipasa ang panukalang batas Senate Bill No. 1564 bilang Republic Act No. 11469 o mas kilalang *Bayanihan to Heal As One Act* na naglalayong saklolohan ang milyong pamilyang pamilya na apektado ng pandemya (Busby; IDLO; Rey). Masaklaw ang nasabing batas sapagkat ipinagkakaloob nito ang samot-saring ayuda o tulong sa bawat pamilyang Pilipino. Nariyan ang pansamantalang paghinto sa pagbabayad ng mga buwis, bayarin sa kuryente, tubig, o ilaw, paupahan, at marami pang iba. Tinamasa ng mga Pilipino ang ganitong tulong hanggang buwan ng Setyembre (Rey). Ang mga ganitong uri ng benepisyong

isinasaad sa Bayanihan Act ay kagyat na hindi nagkaroon ng gaanong interes sa ilang mga Pilipino. Bagamat malaking tulong ang mga ito, ngunit mas tumatak sa marami ang salapi (Joaquin at Biana 1) na ipagkaloob ng pamahalaan sa mga nawalan ng kabuhayan. Sa madaling sabi, ang kontemporanidad na kahulugan ng ayuda ay mas higit na tiningnan ng nakakarami bilang salapi sa halip na tingnan ang malawak na kasaklawan ng batas.

Isa sa ibinunga ng Bayanihan Act ay ang paglaan nito ng malaking badyet na pumapalo nang halos dalawang daan bilyong piso sa Department of Social Welfare and Development upang pondohan ang Social Amelioration Program (SAP). Sa ilalim ng mandato ng SAP, gagawaran ng 5,000 hanggang 8,000 na piso ang bawat pamilya na nawalan ng trabaho at may mababang arawang kita (Apostol at Go; Interaksyon). Bagamat kahit selektibo ang nasabing programa para sa mga Pilipinong benepisyaryo, katulad ng isinasaad sa Joint Memorandum Circular 1 Series of 2020 (Vitangcol), nakayanan ng pamahalaan na makapagbigay ng perang ayuda na umabot pa hanggang sa tinatawag na “Second Tranche” (DBM). Ibinibigay ang mga perang ayuda kadalasan sa mga pampublikong lugar [Larawan 9] katulad ng basketball court, harap ng barangay hall, kabukiran, at sa iba pa.

Gayumpaman, walang katiyakan kung nakarating ang mga ayudang ito sa ilang mga pamilyang karapat-dapat na makatanggap ng tulong. Hindi kumalas ang SAP sa usapin at suliranin ng korapsiyon sa bansa. Lumaganap ang ilang balitang nagsisiwalat ng malawakang pagkakadisipalko ng mga pera sa pamumuno ng ilang mga lokal na pamahalaan. Nariyan ang marami pang Pilipino na hindi pa rin nakakatanggap ng SAP hanggang sa kasalukuyang oras.



Larawan 9. Pagbibigay ng Social Amelioration Program sa mga benepisyaryo (GNR).

Sa isa pang banda, mayroon ding mga umalingawngaw na isyu patungkol sa mga perang ipinagkaloob bilang ayuda. Kailangan ding masita ang ilang mga balahong benepisyaryo ng tulong. Pumutok ang ilang balita na ginamit ng ilang mga Pilipino sa walang kapararakang bagay ang ipinagkaloob na perang ayuda. Nariyan ang mga nagparebond daw diumano ng kaniyang buhok (cf. EJ; Gabinete) at ang masahol pa’y ipinansusugal o ipinansasabong at ang iba’y ipinambili lamang ng shabu at iba pang uri ng mga ipinagbabawal na gamot (cf. ABS-CBN; GMANO). Gayumpaman, sa ilang pamayanan, hindi sa salapi nakarugtong ang konsepto ng ayuda. Noong kasagsagan ng isyu ng SAP, tatlong buwan na akong nananatili


sa Pangasinan, doo'y maaapuhap ang iba pang pakahulugan sa ayuda. Katulad marahil ng karamihang pamayanan, ang ayuda para sa mga mamamayang narito ay isang salapi ngunit “ayuda” na rin ang tawag nila sa mga pagkaing ipinagkakaloob ng pamahalaan at ilang pribadong sektor. Makailang beses ko ring nasaksihan ang paglalatatag ng mga tao ng kani-kanilang planggana o balde na may nakasulat na pangalan sa tuwing dumarating ang mga trak na lulan ng mga pagkain katulad ng buhay na pangitluling manok, bigas, prutas, baboy, at marami pang iba. Kung itutumbas sa mga nagdaang bokabularyo ng mga Pilipino ang ganitong uri ng tulong, marahil matatawag itong “relief” na kadalasang ipinamamahagi tuwing bagyo at iba pang mga kalamidad. Bagamat sa panahong nauso ang terminong “ayuda,” sa ganito na rin nila naihanay ang mga tulong na pagkain ngayong COVID-19.

7. #Quarantings: Libangan sa Panahon ng Pagkahibang

Matatalisod din sa panahong ito ang paglaganap ng neolohismong “#Quarantings” lalo na sa social media. Nagmula ito sa portmanteau (pagsasama ng mga salita) ng “quarantine” = panahon ng pananatili sa bahay at “things” = mga bagay. Ayon sa tinuran ng *Urban Dictionary*, ang “quarantings” ay ang samot-saring bagay na ginagawa at pinagkakaabalahan sa loob ng bahay sa panahon ng pandemyang COVID-19 (UD). Sa ganang talamak na sa kasalukuyang panahon ang paggamit ng social media bilang lunsaran ng mga gawain sa buhay, kinasangkapan na rin ito upang maitanghal ang ibinibidang libangan ngayon. Naging viral sa social media bilang #Quarantings halimbawa ang “Kim Chiu’s Bawal Lumabas (The Classroom)” kung saan ginaya ng mga Pilipino ang tila-hindi maunawaang pahayag ng artista ukol sa lockdown; Hanap-Jowa Pass at Akyat Bubong Pass, mga bagay na iniugnay sa gate pass at travel pass na nauso rin ngayong COVID-19; at marami pang iba (cf. Pobre).


Bilang paglilinaw, hindi katulad ng mga naunang neolohismo, positibo ang konotasyon ng pagbabalewala sa salik na ito. Ang paglilibang ay temporaryong pagbabalewala sa isyu ng sakit, pagkalas sa negatibong isipin, depresyon, at samot-saring problemang pisikal at pangkaisipan. Para sa ilang mga Pilipinong itinuring ang #Quarantings bilang isang temporaryong pagkalas o pagbabalewala sa dulot ng COVID-19, nagkaroon ito ng positibong dulot sa mga frontliner na tumaas ang posibilidad na bumaba ang arawang kaso ng sakit sapagkat mas higit na pinipili ng mga tao ang manatili sa loob ng tahanan at pagkaabalahan ang samot-saring aktibidad na nauso ngayong panahon.

Malawak ang ipinahihiwatig na ispektrum ng #Quarantings bilang lunsaran ng mga libangan. Kaya’t tila bulalakaw na nauso ngayon sa mga Pilipino halimbawa ang pakikipagsabayan nito sa TikTok [Larawan 10], isang pagpapalabas ng maikling bidyo kung saan maaaring gayahin ng isang indibidwal ang mga artista, pagsasayaw, at pagkanta. Isang status quo ang TikTok ngayon bilang bahagi ng neolohismong “#Quarantings” lalo na sa mga Generation Z na tumatangkilik dito (Jeffries; Kabling [2020b]). Bukod sa nakabuti ito diumano sa mentalidad (Jeffries) sa pagbaling ng depresyong COVID-19, kinasangkapan din ito upang palaganapin ang kaalaman patungkol sa sakit. Matatandaang ginamit ng ilang mga mediko ang TikTok upang basagin ang mga mito at huwad na impormasyon tungkol sa COVID-19 (Ostrovsky at Chen 1; Santoro) na lumalaganap sa social media.



Larawan 10. Ang TikTok bilang bahagi ng #Quaranthings ngayong COVID-19 (Pinahintulutan ng may-ari na isipi ang larawang ito na mula sa kaniyang Facebook Page).

Isa pang halimbawa ng tila-sub-neolohismong katuturan ng #Quaranthings ay ang pagtatanim sa loob o bakuran ng bawat tahanan. Sa halos unang anim na buwang quarantine sa loob ng bahay, marami sa mga Pilipino ang ipinukol ang atensiyon sa pagtatanim ng mga gulay at halaman upang pansamantalang kalimutan ang COVID-19 (Antonio). Kaya't sa panahon ding ito, umusbong ang mga bagong salita na may kinalaman sa paghahalaman, katulad ng “Plantita” (“plants” at “tita”) [Larawan 11] = babaeng nagtatanim ng mga halaman o kung minsa’y “Plauntie” (“plants” at “auntie”) at sa bise-bersang “Plantito” o “Pluncle” para sa kalalakihan. Kaya’t mula sa pagkabulusok ng ganitong konsepto ng #Quaranthings, sinakyan na rin ng pamahalaan na hikayatin ang bawat Pilipino na magtanim ng mga prutas at gulay sa kanilang bakuran (Kabiling [2020b]) na kung tutuosin ay maaaring tingnan bilang kanilang hakbang upang hindi lumabas nang lumabas ang mga tao sa loob ng tahanan.



Larawan 11. Pag-usbong ng salitang Plantita ngayong panahon ng COVID-19 (Pinahintulutan ng may-ari na isipi ang larawang ito na mula sa kaniyang Facebook Page).

Liban sa mga banggit, isang plural na anyo ang pagkakabuo ng neolohismong “#Quarantings” bilang panukoy sa mga iba pang libangang may katuturan para sa sarili. Sa social media, nariyang makikita ang pagluluto at pagtitinda ng mga pagkain na kagyat na nauwi sa mga online selling na mas lalong naging talamak ngayon. Ang iba’y mas pinipiling makasama ang pamilya sa kantahan, sayawan, at kuwentuhan. Nariyan din ang mga nagpapaka-healthy living, e-numan (inuman sa social media), sumusulat ng mga awitin, panitikan, at mga pananaliksik, at nakaparami pang iba. Walang dudang nagpupumiglas ang ating kasalukuyang lipunan na gumawa ng mga bagay na mayroong kabuluhan para sa kanila nang sa gayo’y pansamantalang makaligtaan ang idinudulot ng COVID-19.

8. New Normal: Pagpalaot sa Bagong Kadawyan

Umusbong at patuloy na nagaganap sa ating lipunan ang neolohismong “New Normal.” Mula sa payak nitong kahulugan bilang makabagong kagawian na siyang binago ng COVID-19 sa kasalukuyan. Bagamat hindi naman talaga bago at ginamit sa unang pagkakataon ang idea ng new normal. Una na itong isinatermino sa usaping ekonomiko lalo na noong Global Financial Crisis (2007-2008) at Great Recession (2007-2009) upang tukuyin ang bagong buhay, yugto, at daloy ng daigdig pagkatapos ng matinding krisis pang-ekonomiya na ating kinaharap (Walker 63-66; Chappe et al. 22; Rothstein 23). Naniniwala ang mga ekonomista na ang ganitong pagbabago ay panandalian lamang at normal na nararanasan ng isang bansa (Rampell) bagamat hindi nagiging positibo ang dating para sa mga ordinaryong tao na walang kabatiran sa daloy ng ekonomiya lalo pa’t kung direkta silang naapektuhan nito (naging kabilang sa mga nawalan ng kabuhayan dulot ng krisis). Kung gayon, malinaw ang katangiang institusyonal ng new normal sa lente ng ekonomiya. Ngunit muling ginamit ngayon ang new normal hindi sa usaping ekonomiko ngunit bilang isang paglalarawan sa kasalukuyang mobilisasyon ng tao. Akma kayang ihanay ang idea ng new normal sa panahon ng COVID-19? Sa kabila na ito ang ipinangangalandakang landasin ng kasalukuyang Pilipino (NEDA) at sa paggamit ng pamahalaan ng retorikang “New Normal.” Pagbabagong sosyolohikal pa rin ba ang tunay na tinatahak nito o ginawa rin itong politikal na palamuti upang isalba ang bumabagsak na ekonomiya ng bansa? Tipong kinasangkapan ang new normal (na madalas ikinakabit sa mga bago/binagong panuntunan sa mobilisasyon ng tao) upang pilit na buksan muli at maipagpatuloy ang daloy ng ating ekonomiya sa kabila ng walang kalinawang direksiyon kung paano masosolusyunan ang COVID-19.

Malaki ang aking duda na nababalot ng politikal na adyenda ang new normal kaya’t mas pinili kong tawagin itong “Bagong Kadawyan,” na ang tuon ay sosyolohikal at kumakalas sa anumang usaping pampolitika. Una kong narinig ang “Bagong Kadawyan” kay Wensley Reyes ng Philippine Normal University. Ayon sa kaniya, ang “kadawyan” (kagawyan = kagawian) ay isang salitang Ilokano na ang ibig sabihin ay “regular,” “normal,” at “ordinary” (Reyes). Ito ay nakaugat sa “dawi” o “nadawi” na kapwa nangangahulugang “usual,” “common,” “customary,” o “frequent.” Gayumpaman, pinaniniwalaan na marami sa mga Pilipino ang may kakayahang umangkop sa daloy ng tinurang new normal (IPSOS) at mayroon ding hindi. Gayumpaman, anuman ang ating pananaw dito, tila obligatoryo tayong sasailalim sa ganitong uri ng pamumuhay. Sa katunayan pa nga’y damang-dama na natin ang pagbabagong ito. Mula sa sistema ng edukasyon, transportasyon, libangan, at kabuhayan [Larawan 12].



Larawan 12. Mga pagbabago sa buhay ng mga Pilipino ngayong New Normal na idinulot ng COVID-19 (Saludes; Malasig; PMM).

Ang new normal ng edukasyon ay makikita sa kung paano nito binago ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng kaguruan. Hindi naging sagabal para sa pamahalaan ang COVID-19 upang magkaroon ng academic freeze ngayong taon. Wika nga ni Leonor Briones, matutuloy ang edukasyon, mayroon mang COVID-19 o wala (Briones kay Ceniza). Ito ang dahilan kung bakit naglitawan sa new normal ang iba't ibang kaparaanan ng pagkatuto na kailangang angkupan ng lahat, kahit aminado ang pamahalaan (cf. Angara) na mayroon tayong suliranin hinggil dito. Nariyan ang limitadong akses ng ilan sa internet, kurikulum, at mga kakailanganing materyal (Angara). Sa ilalim ng new normal ng edukasyon, nalantad ang mga mag-aaral at kaguruan sa *distance learning* o pagkatuto gamit ang mga modyul, internet, at radyo, *blended learning*, at *homeschooling* (Ceniza). Gayumpaman, mapagbibigyan ang ganitong tila pagpupumilit ng pamahalaan na ituloy pa rin ang edukasyon sapagkat mahirap para sa kabataan ang mawalay nang matagal na panahon sa kultura ng pagkatuto na posibleng makapaghatid sa kanila ng hindi tuwid na intelektuwalidad at mentalidad (Garcia).

Gayundin ang kinasapitan ng mga manggagawang Pilipino sa panahon ng new normal. Marami sa atin ay tumugon sa pagbabagong ito na kung saan nagsimulang maghanapbuhay ang mga Pilipino gamit ang internet sa loob ng tahanan. Kaya't dito rin nakilala ang "Work from Home" (WFH) na malawakang naganap lalo na noong kasagsagan ng ECQ. Ang pangyayaring ito ay tila isang katuparan sa noo'y isinulong na batas ng pamahalaan bilang Republic Act 11165 (*Telecommuting Law*) na naghihikayat sa ilang kompanya na pahintulatang magtrabaho sa loob ng bahay ang mga manggagawa. Ang nasabing batas ay inaprubahan dalawang taon bago pumutok ang COVID-19 (Cecilia; TGNPT). Gayumpaman, upang maibangon ang nahahapong ekonomiya ng bansa, pinayagan na rin kinalaunan ng pamahalaan na makapagbalik-opisina ang ilang manggagawa. Bagamat pinahihintulatang pumasok sa trabaho ang 50% na manggagawa lamang mula sa kabuoang institusyon na halin hinang ginagawa. Sa new normal, tinatawag itong "skeleton workforce" (DOLE 1-2; DOH 4). Ayon ito sa magkatuwang na panuntunan ng Department of Trade and Industry, Department of Health, at Department of Labor and Employment na naglalayon ng kaligtasan sa mga manggagawa.

Maging sa sistema ng transportasyon, ating naramdaman ngayong COVID-19 ang new normal. Sa pangunguna ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), nagkaroon ng pagbabago sa transportasyon alinsunod sa isinusulong na Rationalized Bus Transit Maps na kung saan, sa Kalakhang Maynila, ang orihinal na 80 (Lin) o 96 (Ugay et al.) na bilang ng ruta ng mga pampublikong transportasyon ay magiging 31 na lamang. Ang mga metro tren na noo'y hindi mahulugan ng karayom ay sumunod na rin sa mga panuntunang medikal. Gayundin sa mga kinasanayang dyip ng mga Pilipino na kung dati-rati'y makikita ang 55,000 na bilang nito, ngayong new normal, pinahintulutan

lamang bumiyaha ang 2,000 na dyip (Pamintuan). Makikita ang mga de-plastik na tila barikadang humahanggan sa pagitan ng mga pasaherong sumasakay. Kaya't dito rin sa panahong ito masasabi na naging talamak sa mga Pilipino ang maglakad at magbisikleta bilang alternatibong kaparaanan sa mahirap na kalagayan ng transportasyong Pilipino.

Binago rin ng new normal ang libangan ng mga Pilipino. Nagsimula ito noong ECO kung kailan hindi pinapahintulutan ang pagtungo sa mga restoran, pamilihan, at mga mall. Kaya't ang lahat ng anumang transaksyon ay nagaganap lamang sa online (IPSOS). Katulad ng transportasyon, ibinalik din kinalaunan ang pagkain at pamamasyal ng mga Pilipino sa iba't ibang establisimiyento. Sa inilabas na *The New Normal Health and Safety Guidelines for DOT- Accredited Restaurants*, nakasaad dito ang pagpapahintulot lamang ng 50% na mga parokyo mula sa orihinal na bilang nito noon, na makapasok at makabili sa loob ng restoran at iba pang uri ng kainan (Talavera). Gayundin, kung dati-rati'y nakapagpapapupo ang mga restoran hanggang sampung katao bawat lamesa, ngayong new normal ay lima na lamang (Arnaldo). Pinagtibay din dito ang mahigpit na panuntunang pagsusuot ng face mask, pagbaril sa noo ng temperature scanner bago papasukin, at pagdedeklara ng sarili gamit ang mga health declaration form (PNA).

Gayumpaman, bahagyang lumuwag muli ang mobilisasyon ng tao. Malaya na muli tayong makapunta sa mga mall, restoran, makipagkita sa mga kaibigan, at iba pang mga libangan. Nakasasakay na muli ang dalawa hanggang tatlong tao sa mga traysikel at Grab na noo'y pang-isahan lamang. Niluwagan ang mga oras ng curfew, na oportunidad sa ibang mga taong nais gumala. Kasabay nito ang tila katangian ng nalalapit na tuluyang balewala ng tao ang COVID-19. Nariyan ang madidinig nating mga pahayag mula sa iilan: "Parang Normal na ulit, marami nang tao." Bagamat wala pa tayo sa estado ng pagbabalewala ngunit paparating na tayo roon sapagkat marami na sa atin ang nagiging panatag, kampante, at komportable sa kasalukuyang sitwasyon. Ngunit, sa ilalim ng tinurang "New Normal," kinakailangan pa rin nating maging handa at praktikal sapagkat umiiral pa rin ang COVID-19 sa ating kapaligiran.

Hindi pa tapos ang pakikibaka ng mga Pilipino sa digmaang COVID-19. Kaya't patuloy pa rin nating sinasakyan ang ispektrum ng new normal sa ating lipunan. Sa ngayon, lunas at bakuna ang hinihintay ng ating pamahalaan kung kaya't naglaan na sila rito ng halos 2.5 bilyong pisong badyet sa pagpasok ng taong 2021 (Ranada). May tatlong debeloper ng bakuna ang nagsumite ng kanilang pag-aaral sa Pilipinas upang suriin: Gamaleya Research Institute ng Russia, developer ng bakunang Sputnik V na isa sa hinihintay ng ating pamahalaan (Reuters [2020b]); Janssen Pharmaceuticals Companies of Johnson & Johnson sa Estados Unidos, at Sinovac mula sa Tsina (CNNPS [2020d]). Bagamat nagpalabas ng pahayag ang pamahalaan tungkol sa prayoridad na ibinigay nito sa Tsina at Russia na silang potensiyal na kukuhaan ng bakuna ng Pilipinas, iginiit ni Duterte na higit nitong pipiliin ang anumang bansang may matibay na pag-aaral at mataas na kalidad at seguridad ng bakuna (Reuters [2020a]). Sa ilalim ng new normal, tinataya ng pamahalaan na darating ang bakuna sa Pilipinas sa una hanggang ikalawang hati ng taong 2021 (CNNPS [2020d]).

Mga Neolohismo sa Kontemporanidad ng COVID-19 sa Pag-unawa ng Kasaysayan ng Ketong sa Pilipinas

Kumalas sa tunguhing anakronismo ang pag-uugnay sa kontemporanidad ng COVID-19 at naunang kasaysayan ng ketong sa Pilipinas. Malinaw na magkaiba ang estruktura at

katangian ng dalawang sakit. *Viral* (sanhi ng virus) ang COVID-19 samantalang *bacterial* (sanhi ng bacteria) ang ketong. Nakikitil ng mga antibiotic ang bacteria samantalang may kahirapan pagdating sa mga virus. Bagamat hindi naman layunin ng pag-aaral na ito na ugatin ang simbiyotikong ugnayan ng dalawang sakit sa lente ng medisina. Dahil unang-una, trabaho ito ng mga patolohista at medikal-siyentista. Bagkus, kinasasangkapan lamang ang pagtalunton sa dalawang sakit sa lente ng kasaysayan at kultura. Kaya't magiging komparabol ang COVID-19 at ketong.

May dalawa akong dahilan kung bakit ko pinag-uugnay ang dalawang sakit. Una, kapwa sumibol ang dalawang sakit sa maagang bahagi ng mga dantaunan. Dekada 1900 ang ketong samantalang 2019 naman ang COVID-19. Pangalawa, ito ang mga pangunahing sakit na nangalampag sa seguridad, kalusugan, at mentalidad ng mga Pilipino. Nagtagumpay ang mga sakit na ito na bumuo ng labis na takot sa buong lipunan. Bahid nito ang kritikal na kakintalang matuturo sa paghahambing ng dalawang sakit. Kaya't hatid ng pag-aaral na ito ang dalawang kahalagahan: kaalamang patolohikal at kamalayang pangkasaysayan.

Sa kaalamang patolohikal, masumpungan sa pag-aaral ang pagtatangkang buksan ang patolohiya bilang isang disiplina na hindi lamang dapat eksklusibong pinanghihimasukan at tumutuon sa mga gawaing pangpatolohista, mediko, at siyentista. Kailangan ding buhayin sa bawat isa ang kaalaman patungkol dito. Sa ganang tangan ng lipunan ang mga sakit, kaya't kinakailangang magkaroon kahit na papaano ng kaunting kaalaman ang mga ordinaryong tao patungkol sa kaligiran ng mga sakit, mula sa katangian nito, epekto, at hanggang sa lunas. Sa pag-apuhap ng kaunting kaalaman tungkol sa partikular na mga sakit, magkakaroon tayo ng oportunidad upang makaiwas, tukuyin, at lunasan ang sakit sa kaalaman at kasanayang natarok ng ating pakikialam sa patolohiya. Sa madaling salita, obligasyon nating malaman ang samot-saring penomeno at sakit na nakasalamuha ng tao sa kaniyang lipunan.

Mahalaga rin ang paghahambing na ito sa pagpapatalas ng kamalayang pangkasaysayan. Sa ganang may katagalan na ang talang pangkasaysayan ng ketong, kaya't sinasapantaha ko ring hindi na ito gaanong napipihon at napapahalagahan ng kasalukuyang henerasyon. May implikasyon kung muling mababalikan ang matandang danas ng mga Pilipino sa sakit na ketong. Una, matitigil na ang mga huwad na haraya ng kasalukuyang lipunan ukol sa COVID-19 bilang isang kauna-unahang delubyong kinasangkutan ng mga Pilipino. Pangalawa, magsisilbi itong aral para sa kasalukuyan kung babalikan ang naging hamon at tugon ng mga naunang henerasyon sa pananalanta ng ketong. Mas madali sigurong masumpungan ng mga mambabasa ang kasaysayan ng ketong kung itutumbas ito sa mga neolohismong konsepto at kontesktong sumibol lamang sa kasagsagan ng COVID-19 na siguradong mauunawaan ng buong lipunan.

Bilang pagtatatwa, nais kong linawin na hindi isang ganap na umiiral/umiral na penomeno ang mga isinasakatawan kong mga neolohismo ngayong COVID-19 sa panahong nanalanta ang ketong sa Pilipinas. Malinaw naman sa ating lahat na hindi umiiral o bukambibig man lang noong panahon ng ketong ang mga terminong nauso ngayong COVID-19 katulad ng "Lockdown-ECQ," "Social Distancing," "Hugas Kamay," "Positive (+) Patient," "Frontliners," "Ayuda," "#Quarantings," at "New Normal." Bagkus, upang mapukaw at matutuhan ng kasalukuyang henerasyon ang naunang sakit, kinakailangang magkaroon ng pagtutumbas gamit ang realidad. Mahirap maipaliwanag sa kasalukuyang panahon ang kasaysayan ng ketong. Walang social media noong panahong iyon na makapagsisiwalat sa idinulot ng sakit. Higit sa lahat, tapos na ang panahon ng ketong kaya't may posibilidad ngang maging iba at hindi makarelata ang kasalukuyang

henerasyon. Kaya't limitado ang ating mapipiho ukol sa karanasan at pakikibaka ng mga leproso.



Larawan 13. Pelikulang *Culion* (IMDb).

Gayumpaman, maituturing bilang mapanghawang landas ang pagpapalabas noon ng pelikulang *Culion* (2019) [Larawan 13] na idinirihe ni Alvin Yapan upang maitanghal ang iba't ibang karanasan ng mga leproso. Bagamat piksiyonal ang mga karakter, hindi rin mapapasubalian ang adbentaheng hatid nito upang mailantad sa balana ang hiwaga ng kasaysayan ng ketong sa mga nagdaang panahon. Hindi katulad ng ibang mga pelikula (Meily; Williams; Lamangan; Tarog [2015]; Tarog [2018]; Rosen) na indibidwalistikong nagtatanghal ng mga bayani at mga pinagpipitagang lider, pumaimbulog naman ang *Culion* (2019) sa gunita ng mala-*history seen from below* (Febvre 1932) na pagtrato sa naratibo ng ilang mga marhinalisadong sektor at lipunan sa pangkalahatan. Walang duda na ganito ang naging merito ng pelikulang iyon upang makasaksi ng pangkalahatang danas ng mga Pilipino. Kaya't iyon ang isa sa mga naging lunsaran ng pag-aaral na ito. Naging eye opener kung tutuosin ang nasabing pelikula upang mamulat ang mga Pilipino sa kasaysayang patolohikal. Higit sa lahat, upang mapagmunihan ng bawat Pilipino ang kasaysayan ng mga nagdaang sakit sa lipunan na tila bagang naulit ngayon, ang COVID-19. Gayundin, aksidente rin nitong maipapaunawa ang penomenolohikal na karanasan ng mga naunang Pilipino sa ketong at kung paano ito mailalapit sa karanasan ng kasalukuyang Pilipino sa COVID-19 gamit ang pagsasakatawan ng mga neolohismong aking nabanggit.

Sakit ng Labas: Ang Ketong sa Kasaysayan

Isang matandang sakit ang ketong. Kumitil na ito ng maraming buhay sapul pa noong 600 B.K. sa India, Tsina, at Ehipto. Gayundin sa kalat-kalat na lupalop ng Asya, Aprika, at Latin America (Gillen). May ilang ulit ding nabanggit ang sakit na ito sa bibliya na madalas iniugnay sa sakit ng demonyo, sumpa, at kamalasan sa lipunan. Kaya't sa sinumang

dapuan ng nasabing sakit, kaagad silang babatuhin o papalayasin. Matagal na panahon bago napag-aralan ng mga patolohista ang sanhi at lunas ng ketong. Taong 1873 nang tuluyang matukoy ni Gerhard Armaeur Hansen ang bacteriang *Mycobacterium leprae* na nagiging sanhi ng ketong (Gillen; Escalante 88; GMAPA). Isang kronikong sakit sa labas ang ketong na makikita sa iba't ibang bahagi ng balat ng tao. Nagiging dahilan ito ng pagkaparalisa ng katawan at depormasyon ng mukha, mata, ilong, at tainga. Sa pisikal na paglalarawan, ang katawan ng mga leproso o ketongin ay nagsusugat, nagbabakbak, at namamaga. Sa paglala ng kondisyon, maaaring magdulot ito sa tao ng pagkabalug, pagkaputol ng ilang bahagi ng katawan, at kamatayan dulot ng mga komplikasyon.

Maituturing na pandemya ang sakit na ketong. Kumalat din ito sa Europa (na walang habas na isinisisi ang dahilan sa mga Asyano), Hawai'i, Timog Silangang Asya (Cambodia, Indonesia, Singapore), mga isla sa Pasipiko, at marami pang iba (Orillos-Juan 90-95). Hindi rin nakaligtas ang Pilipinas sa sakit. Bago pa man sumailalim sa kolonisasyon ang mga Pilipino, umiiral na sa ilang lumang pamayanan ang ketong. Matibay na ebidensiya rito ay ang mga naitalang salita ng mga Español na may kaugnayan sa sakit ng labas ng mga Pilipino. Natalisod nila ang mga salitang “bocol,” “butlig,” “buni,” “cati,” “an-an,” “aliponga,” at “nacnac” (de Viana 24). Pinagkakamalian pa nga minsan ng mga Pilipino ang maagang sintomas ng ketong. Ayon sa kanila, lumalabas daw sa kanilang mga katawan ang kulay puting butlig na kung tawagin ay “an-an”/“anan” o “ap-ap” at mga bukol-bukol sa bahagi ng tainga at siko (Camagay 245). Gayumpaman, malinaw na hindi taal sa Pilipinas ang ketong. Ayon sa mga tala noong dantaon 16 hanggang 17, isang indikasyon na nakarating sa Pilipinas ang ketong dahil sa malawakang pakikipagkalakalan ng mga katutubong Pilipino sa Tsina, Hapon, India, at Indonesia (de Viana 30). Sa panahon ding ito, marami na ang kaso ng ketong sa labas ng Pilipinas.

Bagamat isang salitang Tagalog ang ketong, ito ang terminong gagamitin sa kabuoang pag-aaral. Sa mga Bisayas, kilala ang ketong bilang *sanla* o *sanlahun* (Jimenez 264). Samantala, *ipul* naman para sa mga Bajau Laut/Sama-Bajau ng Sulu at sa Semporna, Isla ng Bumbum, Sabah (Sather 76). Gayumpaman, hindi basta-basta nakahahawa ang ketong. Bagamat hindi isang uri ng airborne disease, makukuha lamang ang *Mycobacterium leprae* sa pamamagitan ng paglangkap ng likidong nagmumula sa ilong at bibig ng apektadong indibidwal. Sa talaan ng World Health Organization (WHO), sa pagtatapos ng taong 2018, pumalo nang halos 185,000 katao sa buong mundo ang nagkaroon ng sakit na ketong (WHO [2019]).

I. Tumbasang Lockdown–ECQ

Sa panahon ng COVID-19, ipinapatupad ang malawakang lockdown at ECQ upang makontrol ang paglaganap ng sakit. Kahit papaano pinahihintulutan ngayon lumabas pa rin ng bahay para sa mga esensiyal na pangangailangan. Ngunit noong panahon ng ketong sa Pilipinas, hindi pinapayagang basta-basta ang mga tao na lumabas ng bahay dahil sa peligrong hatid ng nasabing sakit. Dumaan din ang mga Pilipino noon sa tinatawag nating lockdown ngayon. Hinarangan ang ilang mga daan na may mataas na kaso ng mga ketong. Ang Maynila, sa panahon ng ketong at COVID-19, ay itinuturing bilang mataong lungsod ng Pilipinas. Hindi nakapagtataka kung bakit naging episentro rin ito ng ketong sa bansa. Mabilis na dumami ang kaso ng ketong sa Maynila dahil sa hindi mahulugang karayom na pagdaloy ng mga tao. Ayon kay E. Muir noong 1925, isang taon pa lamang ang nakalilipas nang magsimulang kumalat ang ketong ngunit 10,000 katao na ang naapektuhan nito (261).

Iba ang naging mala-*lockdown* at ECQ noon sa panahon ng ketong. Dahil hindi na makontrol ng pamahalaan ang lumulobong bilang ng mga bagong kaso araw-araw, napagdesisyunan nilang ilabas sa Maynila ang mga may ketong. Dalawa ang naging dahilan ng desisyong ito. Una, segregasyong medikal upang makontrol at hindi na lumala ang pagkalat ng ketong sa mga lungsod. Pangalawa, segregasyong sosyo-ekonomiko upang maalagaan ang mga may-sakit sapagkat sila ay hindi na magiging bahagi ng lakas-paggawa (Diokno 7). Dinadala sa Isla Culion, Palawan ang sinumang napatunayan at nagpositibo sa ketong. Ito ang nakikitang hakbang ng pamahalaan upang maprotektahan kahit na papaano ang Maynila na noo'y sentro ng kolonisasyon, komersiyo, at karangalan ng mga Americano.

Ngayon, nagagalit ang ilan sa atin sa tuwing binabarikadahan ang mga daanan na itinuturing natin bilang mga hadlang. Samantalang sa mga leproso, double kill ang mala-*lockdown* at ECQ noong dantaon 19. Wala silang magagawa sa kanilang kapalaran. Inilayo at inihiwalay na nga sila sa Kalakhang Maynila at iba pang mga lalawigan, may pagkakahati-hati pa rin sa lugar na kung saan sila dinala. Ang lugar ng mga leproso, wika nga ni Ditas (Meryll Soriano) sa pelikulang *Culion* (2019), ay isang kolonyang nasa loob pa ng kolonya (Yapan). Kung gayon, maaari ko rin itong itumbas bilang *lockdown within the lockdown* o *ECQ within the ECQ*. Ang unang mala-*lockdown* at ECQ ay malinaw na makikita sa kung paano sila inalis sa Maynila upang hindi na makahawa pa. Samantala, ang “within” ay tumutukoy sa isa pang mayopikong estruktura ng segregasyon. Katulad ng mga barikada ngayong COVID-19, ginamit din ang mga ito upang paghiwalayin at magsilbing hanggahan ng mga may ketong at wala. Makikita ang de-barikadang tarangkahan ng Culion Leper Colony [Larawan 14] na naghihiwalay sa Lower Gate o pamayanan ng mga leproso at Upper Gate/Balala o lugar ng mga *sano* (mga hindi apektado o walang ketong) katulad ng mga doktor, nars, madre, kaparian, at mga manggagawa ng kolonya (Co; Dado 114). Mahigpit din itong binabantayan ng mga militar na mabusising iniinspeksiyon ang mga papasok. Katulad ngayong COVID-19, may curfew ding ipinapatupad sa Leper Colony. Hindi na pinahihintulutan pang maglabas-pasok ang sinuman (*sano* man o hindi) sa Lower Gate kung lumagpas na sa itinakdang oras ng pagbisita at pagtatrabaho sa loob. Gayundin, mahigpit ang pagkakabantay sa mga leproso. Kung ninanais nilang magtungo sa Balala at Malaking Patag para sa mga transaksyon, kinakailangan nilang magpakita ng pirmadong kasulatan na ligal silang pinahihintulutan ng mga mediko na lumabas sa tarangkahan ng kolonya (Dado 129). Sa terminong COVID-19, kilala natin ang ganitong proseso bilang pagpapakita ng Gate Pass o Travel Pass.




Larawan 14. Ang Culion Leper Colony na nagsisilbing hanggahan ng mga leproso (Lower Gate) at mga hindi leproso o mga *sano* (Upper Gate) (M/V Moken).

2. Tumbasang Social Distancing

Katulad ng mga mala-lockdown sa panahong COVID-19, magaan lamang ang panuntunan ng social distancing kung ito ay susundin lamang ng mga Pilipino. Kung ihahambing ito sa kasaysayan ng ketong, hindi ito naging madali para sa ating mga ninuno. Kakaiba at literal ang mala-social distancing noong panahong ito. Kung sa panahon ng COVID-19, ang social distancing ay layo-layo at kaunting distansiya, sa panahon ng ketong ito ay proseso ng pagpapatapon, pagpapahiwalay, at pagpapadistansiya nang napakalayo. Idinidistansiya ng pamahalaang Americano ang mga leproso sa tinatawag na leprosaryo (leprosarium). Bagamat nagsilbi ang Ospital ng San Lazaro (Anderson 712) bilang leprosaryo ng Maynila, nagbukas din ang iba pang mga lalawigang may mataas na kaso ng ketong. Kabilang na rito ang Western Visayas Treatment Station sa Sta. Barbara, Iloilo (1927), Eversley Childs Treatment Center sa Jagobiao, Mandaue, Cebu (1930), at Central Luzon Sanitarium sa Novaliches (1940) (Orillos-Juan 142). Tampok sa lahat ay ang Culion Leper Colony (1906) sa Isla Culion, Palawan [Larawan 15] na noo'y isa sa mga pinagpipiliang lokasyon ng mga Americano, kasama ang Cagayan de Jolo at Tawi-Tawi sa Mindanao (GMAPA).

Hindi anim na talampakan o isang metrong distansiya ang batayan ng mala-social distancing noon. Bagkus, 200 milyang layo mula sa Timog Kanlurang bahagi ng Maynila (Muir 261). Kung sa panahon ng COVID-19, isinasakay sa mga mobil o patrol ng pulis ang sinumang lumalabag sa social distancing, ang mga kawawang leproso ay isinasakay sa mga barko [Larawan 16] papuntang Culion. Pinili ng mga Americano ang Culion bilang lunsaran ng pagpapadistansiya sa malaking populasyon ng Pilipinas dahil sa heograpikal na katangian nito. Malamig ang klima, mayamang lupa, maayos na akses sa patubig, at higit sa lahat, hindi gaanong natitirahan ang isla (Dado 115). Kaya't mula noong Agosto 22, 1904, ipinag-utos ni Gobernador Luke Wright sa bisa ng Executive Order 35 na ang Culion ay magsisilbing pagmamay-ari ng pamahalaan at maglilingkod sa mga leprosong idinistansiya mula sa iba't ibang bahagi ng bansa (Orillos-Juan 144; GMAPA). Mula noon, ang Culion ay nagsilbing sentro ng laboratoryo at pagtititis ng mga mediko na naghahanap ng lunas para sa sakit (Anderson 716; Escalante 97).



Larawan 15. Lokasyon ng Culion sa Palawan (FP).



Larawan 16. Barkong sinakyan ng mga leprosong mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas (ILA).

Hindi lamang sa aspektong medikal ang mala-social distancing ng mga leproso. Bagkus maging sa politikal na katangian ng Culion. Ibig sabihin, tila inihwalay ang Culion sa buong Pilipinas, dahilan upang bansagan ang isla bilang “Isla ng Walang Balikan” o “Island of No Return” (GMAPA) at “Isla ng Kalungkutan” o “La Isla del Dolor” (Escalante 101). Bagamat sa pag-usad ng panahon, itinuring din ng mga leproso ang Culion bilang “Isla ng Pag-asa” o “La Isla de la Esperanza” (Escalante 101). Gayumpaman, walang dudang labag sa kalooban ng mga leprosong ito ang kanilang danas sa itinatumbas kong social distancing sa kontemporaryang COVID-19. Tunay na maihahambing ang dalawang sakit. Ayon nga sa tinuran ni Vincent Akimoto, na nagkaroon din ng pagwawangis sa COVID-19 at ketong, “kailangan ng lipunang ito ng matinding pagpapahalaga sa social distancing, ngunit ang ganap na pagkakaroon ng malasakit sa kapwa ay higit pa sa pagiging lunas nito (akin ang sariling pagliliwat).”

3. Tumbasang Hugas-Kamay

Kung ilalapat ang konotasyon ng hugas-kamay sa panahon ng ketong, mas mapalad pa rin ang kasalukuyang lipunan. Bukod sa hindi malalim ang kaalaman ng mga leproso noon sa kalinisan at sanitasyon (Denney 2171), hindi pa talamak noon ang paggamit ng alkohol, hand sanitizer, at tissue paper na ating tinatamasa sa ngayon. Gayundin, salat noon sa mapagkukuhanang malinis na tubig ang mga Pilipino. Sapul pa noong panahon ng mga Español, problema na ng kolonya, lalo na sa Maynila ang tubig. Karamihan sa mga naiinom na tubig ay marumi at kontaminado. Ito ang dahilan kung bakit mabilis na kumalat noon ang cholera sa Pilipinas. Bagamat noong 1887, ipinatayo ng mga Español ang Laboratorio Municipal de Manila upang pag-aralan at suriin ang katangian ng tubig na iniinom ng buong komunidad (Anderson 19). Kaya’t hindi rin nakapagtataka kung bakit hindi ideal para sa mga Americano ang Maynila noon upang maging lunsaran at pagamutan para sa may mga ketong. Sa madaling salita, isyu noon ang tubig at limitado ang positibong naidudulot nito lalo na sa pag-inom at paghugas ng kamay at katawan.

Hindi mapapasubalian ang pagpili ng mga Americano sa Culion upang maging pagamutan ng mga leproso. Nabanggit nang malinis at hindi kontaminado ang tubig sa isla. Dahil sa napalilibutan ito ng kabundukan, malayang umaagos pababa ang mga tubig at posible rin ang pagpapatayo ng mga kanal na hiwalay sa lupang pang-irigasyon (Dado 119). May naipatayo ring mga paliguan, kubeta, at pozo negro na madalas na nililinis ng mga leproso gamit ang naipong tubig mula sa kabundukan at karagatan (Dado 119-120). Malinis na tubig ang isa sa mga dahilan kung bakit mababa ang mortalidad ng mga leproso sa Culion kung ihahambing sa ibang lungsod ng Pilipinas (PHR 929). Bagamat hindi rin ito nangangahulugang napipiho na ang absolutong kaligtasan ng mga leproso. Kahit papaano sistematiko ang sanitasyon sa loob ng Culion. Sa tarangkahang naghahati sa Balala (Upper Gate) at lugar ng mga may ketong (Lower Gate), ang mga sano at pinahintulutang bisita ay maghuhubad ng damit at magtatanggal ng sapatos [Larawan 17] bago pumasok. Gayundin, kinakailangan nilang maghugas ng kamay bago at matapos pumasok sa lugar ng mga leproso. Kung ngayong panahon ng COVID-19, bago pumasok ang mga tao sa establisimiyento, binabariil muna ang ating mga noo gamit ang temperature scanner at pinapatakan ng alkohol o hand sanitizer ang ating mga palad. Noon namang panahon ng ketong, naghuhugas ang mga sano sa malaking kabibe [Larawan 18] na pinaglalagakan ng tubig panhugas (GMAPH). Bagamat wala pa ring kasiguraduhan ang kaligtasan ng ganitong pagtutumbas sa hugas-kamay noong mga panahong iyon sapagkat mapapansing nakaimbak lamang ang tubig at hindi umaagos. Mayroon itong tendensiya na maghalo-halo sa isang lugar ang mga mikrobyong nakuha ng indibidwal sa loob at labas ng leprosaryo. Gayumpaman, kung ating lilibrahin, ang mga kasalukuyang Pilipino na nakikibaka sa giyera kontra-COVID-19, hindi katulad ng mga leproso noon, ay mayroon nang umaagos na tubig sa bawat tahanan, madali na ang pagkuha ng mga alkohol at hand sanitizer, mura ngunit de-kalidad na mga sabong panghugas, at sariling mga tuwalya at labakara, kaya't wala tayong maiaatubiling dahilan upang hindi natin magawa nang maayos ang panuntunan ng hugas-kamay.



Larawan 17. Sanitasyon bago makapasok sa Lower Gate ng Culion Leper Colony (GMAPA).



Larawan 18. Hugasang kabibe ng mga sano sa Culion Leper Colony (GMAPA).

4. Tumbasang Positive (+) Patient

Hindi nakikita ang COVID-19 samantalang ang ketong ay mababakas sa pagkasira ng balat, peripheral nerve, mucosal surface ng upper respiratory track, at mga mata (Orillos-Juan 80). Gayundin, matagal-tagal ang incubation period nito na tinatayang umaabot mula isa hanggang dalawampung taon mula sa pagkakalantad ng indibidwal sa *Mycobacterium leprae* (Orillos-Juan 80-81). Dinadala sa Culion ang mga may ketong (katumbas ng positive patient) at mga pinaghihinalaang mayroon (katumbas ng PUI o PUM ngayong COVID-19). Hindi naman direktang makukuha ang ketong sa hangin nang basta-basta. Noong mga panahong iyon, Cebu ang may pinakamalaking kaso ng ketong sa Pilipinas. Mataong lugar ito na kung saan ang mga may ketong ay malayang nakapaglalakad sa mga lansangan (Boncan 64). Kaya't noong Mayo 27, 1906, halos 400 na tao ang dinala mula Visayas patungong Culion upang suriin. Karamihan sa kanila ay mga bulag na, nagbababak na ang mga balat, at namamaga ang mga tumor o bukol (Escalante 97). Alinsunod sa kautusan ng pamahalaan na tukuyin ang mga posibleng may ketong at wala (LACDH 69), dinadala ang lahat sa tinatawag na “reconocer” o isang silid na sagawaan ng mga pisikal na eksaminasyon [Larawan 19] upang tukuyin ang kalagayan ng mga pasyente (Camagay 246-247). Gayumpaman, katulad ng COVID-19, malala ang estigma sa ketong na nararamdaman noong dantaon 19 hanggang 20 (Dado 2016 231).

Maraming Pilipino ang tumutol sa pagputok ng isyung babahay-bahayin ang mga hinihinalang positibo sa COVID-19. Sa unang banda maaaring tama ang mga apilang ito ng bayan. Ngunit, sa kabilang banda, kung ihahambing muli sa panahon ng ketong, mas malala pa ang ginawa ng pamahalaan dito. Sa ilalim ng batas noong 1907, *An Act Providing for the Apprehension, Detention, Segregation, and Treatment of Lepers in the Philippine Islands*, kinasangkapan din ng pamahalaan ang kapulisan upang tugisin ang nagtatago at hindi lumalantad na mga leproso. Ganito ang pagliliwat ni Maria Serena Diokno (2016) sa hakbanging ginawa ng pamahalaang Americano noon: “...spoke of police powers in approaching the disease. With regard to persons believed to have leprosy, the

action words of the law were: subject to medical inspection, arrest, apprehend, deliver to the Director of Health or his agents, detain, convey to such place as the Director of Health or his agents may require, permanently remove, control, isolate, segregate, confine, and punish” (Diokno 6).



Larawan 19. Depiksiyon ng pelikulang *Culion* (2019) sa reconocer (Yapan).

May negatibong aspekto ang nasuri sa pagkatao ng mga Pilipino ngayong COVID-19. Siguro maaaring sabihin na likas na sa mga Pilipino ang ganitong negatibong pag-uugali sapagkat matatalisod din ang ganitong mga engkuwentro noong panahon ng ketong. Nagagalit at nagiging agresibo ang ilang pasyente sa tuwing sila’y ginagamot. Mayroon ding mga magulang na itinatago ang kanilang mga anak upang iiwas sa awtoridad lalo na kung napapabalitang isa sa mga kasapi ng kanilang pamilya ay may ketong (Jimenez 269). May pagkakatulad din ito halimbawa sa mga Pilipino na nasa Katimugang Pilipinas na tumatakas patungong Tongkollah at Hampalan sa Sabah, Malaysia upang hindi maipatapon sa mga leprosaryo (Sather 76). Sa *Culion* naman, may mga kaso rin ng pagtakas tuwing gabi at bumabalik ng Maynila at ang iba’y tumatalon sa mga barko bilang paraan ng eskapo (Gealogo at Galang 179; Yapan).

Katulad ng mga Pilipino ngayong COVID-19, naglipana ang samot-saring paniniwala patungkol sa sakit. Laganap sa mga Pilipino noon na ang ketong daw ay pinaniniwalaang nagmula sa isang sumpa ng karagatan (*bati-bati*) na ibinigay ng sinumang nilalang dahil siya’y nagalit dito. May paniniwala rin ang ilan na nagmula ang ketong sa hangin na lumaganap na lamang sa buong barangay (Jimenez 263). Samantala, may ilang naniniwala na ang ketong ay nagmula sa labis na pagkain ng manok at isda (Yapan). Gayundin, katulad ng mga irasyonal na solusyong naiisip ng tao ngayong panahon ng COVID-19, ang mga Pilipino noon ay naniniwala sa kapangyarihan ng mga curanderos, herbolarios, at mediquillos na silang nakakapagpagaling ng mga ketong (Escalante 94). Higit pa, may mga naniniwala na ang ketong ay hihilom kung pinapapsip sa linta ang katawan o hindi kaya’y ibabaon ang sarili sa ilalim ng lupa at ulo lamang ang nakalabas (Yapan).

5. Tumbasang Frontliners

May malaking gampanin ang mga relihiyoso ngayong COVID-19. Bagamat hindi nga gaanong transparent ang ginagampanan ng simbahan at iba pang samahang relihiyoso ngayong COVID-19, malaki naman ang kanilang naging papel noong panahon ng ketong. Wika nga sa pelikulang *Culion* (2019), ang mga mediko ang bahala sa *katawan* samantalang ang kaparian ay silang bahala sa *kaluluwa* ng mga leproso (Yapan). Matatandaang ang mga paring Agustino at Dominikano ang kauna-unahang nagkaroon ng engkuwentro sa mga leproso lalo na noong dantaon 16 (de Viana 25) samantalang ang mga Pransiskano ay silang nagtititis ng mga may sakit lalo na nang ipinagkatiwala sa kanila ng pamahalaan ang Royal Hospital noong 1578 (Parco de Castro 42). Karamihan sa mga doktor ay pari na rin na silang humahalili at nanggagamot sa iba't ibang ospital at impirmaryo sa Pilipinas (49). Samantalang ang mga Heswita, lalo na sa *Culion* ay inatasang humarap sa mga leproso upang pangaralan at bigyan ng mga mungkahing ikauunlad ng kanilang mga katawan at kaluluwa lalo na yaong mga nasa loob ng lazarettos, leprosaria, at sanitaría (Dado 118; Planta 198). Sa madaling salita, sa panahon ng ketong, nagkaroon ng matibay na ugnayan ang simbahan at estado upang kabakahin ang lumalaganap na sakit (Geologo at Galang 178-179).

Gayumpaman, may negatibong implikasyon ang ilang pamamalakad ng mga paring Español sa banta ng ketong. Laging ipinagpapalagay ng pamahalaang Español ang paglaganap ng sakit bilang isang simpleng suliranin, na kayang-kayang lutasin ng simbahan sa pamamagitan ng dasal (Escalante 89). Ito ang dahilan kung bakit lumala ang mga nagdaang epidemya sa Pilipinas, halimbawa ang cholera. Ayon nga sa pelikulang *Ang Kababaihan ng Malolos* (2014), mas lalong lumaganap ang cholera dahil ipinag-utos ng mga prayle na idaan muna sa simbahan ang taong namatay sa sakit upang mabasbasan ang kaluluwa sa halip na ipalibing kaagad (Dalena at Dalena). Mas mahalaga sa mga Español na isalba ang kaluluwa kumpara sa katawan (Escalante 89). Kaya't sa pagdating ng mga Americano, tiningnan nila bilang isang seryosong usapin ang paglaganap ng ketong sa ilang bahagi ng Pilipinas.

Kung itutumbas ang neolohismong “Frontliners” sa panahon ng ketong, kabilang dito ang mga madre [Larawan 20] na nagsilbi rin bilang mga nars. Sila ang isa sa mga humaharap sa mga bagong dating na leproso sa *Culion* at naghahatid sa reconocer upang suriin ng mga mediko. Inihahatid din ng mga madreng ito ang mga positibo sa ketong sa kani-kanilang lugar batay sa kasarian at edad: dormitorio ng *Angelitos* (lalakeng edad 8 hanggang 15); *St. Paul de Chartres* at Dormitoryo ng *Cinco Llagas* (babaeng nasa wastong gulang); at *Hijas de Santa Maria* at *Dormitoryo ng Santa Teresita* (babaeng nasa 18 taon pababa) (Camagay 247; Dado, 118).

Sa loob at labas ng Pilipinas, higit ang ginampanan ng mga mediko o doktor na sumusuri sa mga leproso (Quimby 69). Tinatawag sila bilang mga “medico titulares” na kadalasa’y mga Español na tumungo sa Pilipinas pagkatapos nitong magpakadalubhsa ng medisina sa España. Bagamat may ilan ding mga mediko titular ang nakapagtapos ng medisina sa Unibersidad ng Santo Tomas (Boncan 72). Hindi inaalintana ng mga mediko ang posibilidad ng pagkahawa sa mga leproso. Layunin ng isang mediko titular na alamin ang kabuoang patolohiya ng lalawigang kaniyang dinestinuhan. Liban sa gumamot at humanap ng mga remedyo sa ketong, trabaho rin niyang sumulat ng memoria medica o tala patungkol sa kaniyang pangagamot at karanasan (73). Sa paglilimi, malinaw na kumatawan ang mga healthworker na ito sa pagsagip ng buhay ng mga Pilipino, sa panahon ng COVID-19 at panahon ng ketong sa Pilipinas.



Larawan 20. Mga madreng nagsilbing Frontliners sa mga leprosaryo (Utrecht University).

6. Tumbasang Ayuda

Sa panahon ng paglaganap ng ketong sa Pilipinas noong dantaon 20, paano maitutumbas dito ang ayuda? Malinaw ang layunin ng pamahalaang tugunan kahit papaano ang pangangailangan ng mga Pilipino lalo na sa pagkain at seguridad. Bagamat ganito rin naman ang kinahinatnan noon ng mga leproso. Prayoridad at sineryoso ng mga Americano ang pagpupuksa sa paglaganap ng ketong (Planta 204). Makikita ito sa *Culion* halimbawa, na kung saan kasabay ng paghahanap ng lunas, sinuportahan din nila ang mga leproso mula sa pagkain, pananamit, pabahay, at medisina ang mga ito. Wika nga, “showcase to the world” (Yapan) ang itinayo nilang mga leprosaryo. Katulad ng mga Pilipino ngayon, kalimitang makikitang pumipila [Larawan 21] ang mga leproso upang kumuha ng mga ayudang pagkain at gamot na ipinagkakaloob ng mga Americano. Kahit patuloy na nanganganib ang badyet dito dahil sa lumalaking bilang ng kaso ng ketong, sinisikap pa rin nilang makakuha ng tulong mula sa Estados Unidos. Kaya nga’t tila nakaugalian halimbawa ang pagkuha ng larawan ng mga leproso upang ipakita sa Estados Unidos ang kanilang kalagayan at sa gayo’y mapaabutan ng tulong (Yapan).



Larawan 21. Pagpipila bilang depiksiyon ng pelikulang *Culion* (2019) sa pagbibigay ng iba’t ibang tulong para sa mga leproso (Yapan).

Kung ating iisipin, naging prayoridad ngayong panahon ng COVID-19 na tustusan ang anumang malawak na pangangailangan ng bayan laban sa sakit na ito. Hindi katulad noong panahon ng ketong, may pagkakataong tinuligsa ng mga politikong Pilipino ang mga Americano at ninais pa ng nauna na bawasan ang labis na paglalaan ng salapi sa ketong. Ayon sa katwiran ng mga politikong ito, masyadong malaki ang inilalaang badyet sa alokasyon para sa ketong, sa halip na pagtuonang higit ang mga mas malalang sakit na lumalaganap noon sa lipunan katulad ng tuberculosis, smallpox, beri-beri, cholera, at iba pa (Escalante 101-102). Gayumpaman, kahit na ginigipit, nakakatamasa pa rin ang mga leproso ng tulong mula sa iba't ibang pilantropikong samahan, mga mapagkalingang organisasyon, at ilang mga samahang relihiyoso (Arcilla 316; Mendoza 253).

7. Tumbasang #Quarantings

Umusbong ang #Quarantings ngayong COVID-19 bilang isang kalipunan ng mga libangan ngayong pandemya. Para naman sa mga leproso, lalo na sa Culion, sila ay nakakulong sa islang walang kasiguraduhan kung makakabalik pa sila sa kani-kanilang mga tahanan. Bagamat malayo sa mga pamilya at sa tinurang tunay na tahanan, hindi pa rin sila napag-iwanan ng mga gawain at libangan sa panahon ng kanilang pagkahibang. Kung ilalapat ang #Quarantings sa panahon nila, hitik ang kanilang karanasan sa mga leprosaryo. Liban sa mga gawaing katulad ng pagtatanim, pangingsda, paglilinis ng pamayanan, pagtatayo ng mga gusali o bahay, at paggawa ng mga handicraft (Dado 127), hindi pa rin nila nakalimutang sumaya sa loob ng mala-bilanguang isla. Marami sa kanila ang nagpapatugtog halimbawa ng iba't ibang instrumento katulad ng kulintang [Larawan 22]. Nagtatanghal sila sa mga plaza tuwing araw ng Linggo at Huwebes. Ang iba nama'y naglalaro ng mga isports na ipinakilala ng mga Americano katulad ng athletics, tennis, volleyball, at baseball o hindi kaya'y nagsasabong ng manok tuwing araw ng Linggo. Sa tuwing sasapit ang Pasko, sama-sama nilang ipinagdiriwang ito, magsasalo-salo, at magbibigayan ng mga regalo sa isa't isa (Dado 126). Kung minsan, nanonood din sila ng mga sine (Yapan) at teatro. Ang mga ganitong gawain at libangan ng mga leproso sa isla ay isang hakbang upang hindi mawalay ang kanilang alaalang naiwan sa labas.



Larawan 22. Ang mga leproso habang nagpapatugtog ng kulintang bilang libangan (Wikipedia).

8. Tumbasang New Normal

